


# HUWAG MANALIG SA IYONG SARILING KAUNAWAAN

 Manatili tayong nakatayo, pansamandali ngayon, para sa panalangin. Ilan ba sa naririto ang mayroong kahilingan sa kanilang puso, na nais ninyong gumawa ang Diyos ng isang natatanging bagay para sa inyo sa kombensiyong ito? Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon sa Kaniya.

<sup>2</sup> Makalangit na Ama, mga natatanging tao kami na nangagtipon-tipon dito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sa isang malayang bansa kung saan maaari Ka naming sambahin ayon sa mga dikta ng aming budhi, hanggang ngayon. At dumadalangin kami, Ama, na magtatagal ito. At ngayon nawa'y samantalahin namin ang dakilang pribilehiyong ito nasa sa amin. At nawa'y mailagay namin ang aming buong puso sa paglilingkod ngayong gabi, upang sambahin Ka, na nawa'y masabi ito, na, "Nasa aming kalagitnaan ang Diyos ngayong gabi, na pinagpapala ang Kaniyang bayan." Iligtas ang bawat naligaw na kaluluwa na naririto ngayong gabi, Panginoon. At bawat tumalikod, nawa'y bumalik sila sa bahay ng Diyos. Dumadalangin ako para sa bawat taong maysakit, na naway gumaling, makalakad ang nagdadalamhati, at makakita ang bulag, makaririnig ang bingi, papuri at pagluwalhati ang ibigay kay Jesus Cristo sa gitna ng Kaniyang bayan. Nawa'y maalala ito sa tuwina, Panginoon, na sama-sama kaming nangagkatipon at humiling sa Pangalan ni Jesus para sa mga biyayang ito. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>3</sup> Sa paano't paano man, sa pagparito sa Ramada Inn, para bang lagi itong papauwi ng tahanan, sa isang kalagayan, sapagkat napakadulas ko rito hanggang sa ako—sa palagay ko ay nag-uumpisa na silang makilala ako. At ako'y natutuwa ryan, sapagkat nakatagpo ako ng isang mabuting lipon ng mga tao dito sa Ramada Inn. Isa sa Tucson at isa rito, naging napakabait nila sa amin, na pinayagan tayong magdaos ng mga pagtitipon. Hindi pa natatagalan, nagkaroon ako ng sarili kong pagtitipon, doon sa Ramada Inn, at ni hindi nga ako pinagbayad ng namamahala sa upa ng gusali. Iyo'y totoong mabuti. Maalaalang ko iyon kapag ako'y tumatawid sa mga bansa, rin, ngayon, yaong mga mabubuti sa sambahayan ng Diyos.

<sup>4</sup> Ngayon nagkaroon tayo, buhat noong Linggo ng gabi, o Linggo ng hapon, pala, nang ilang dakilang mga oras sa Panginoon, o kahit papaano magkaroon ako. Ako'y nagkaroon

ng isang kahanga-hangang pagkakataong pagtatamasa ng Kaniyang mga pagpapala, at ang pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo at sa Kaniyang bayan.

<sup>5</sup> Ako—nais kong alalahanin, na, sama-sama tayong sumasamba sa Diyos. Isa kang katangian ng Diyos, bahagi ng Diyos, nang ikaw ay naging lalaki at anak na babae ng Diyos. At ang Diyos ay nasa sa iyo, nakahanda ang Kaniyang kalooban, kung hahayaan mong gawin Niya ito.

<sup>6</sup> Kaya't umaasa tayo, sa gabing ito, na kalilimutan ng bawat tao ang tungkol sa mga bagay nang nakaraan, at isasantabi tabi ang lahat, at sadyang ilagay ang ating mga puso dito sa paglilingkod ngayon; hindi lang sa gabing ito, kundi sa darating na kombensiyon. Walang alinlangang maraming mga delegado ang nangagtipon. At aking nakikita ang ilang mga iba pa ngayong gabi sa entablado, nagtitipon-tipon para sa kombensiyon na magsisimula bukas. At hinihiling ko sa mga taong naririto para sa revival na ating naranasan, na, kung ito'y maaari, nais kong manatili pa kayo para sa kombensiyon. Magkakaroon tayo ng ilang nakatalang mahuhusay na mga tagapag-salita. Hindi makararating ang isang kapatid, at, ngunit marami ang paririto upang pumalit sa kaniyang puwesto. Nais kong naroroon ang aking sarili sa buong kombensiyon, upang magsaya sa fellowship na ito.

<sup>7</sup> Alam ninyo, umaakyat kami rito bilang mga ministro, at nagsasalita kami, at palagi naming ibinibigay sa mga tao ang lahat-lahat na nasa sa amin. Nangaral ako ng isang paksa minsan, kung saan sinabi ni Jesus, "Narito ang isang lirio, kung paanong hindi—hindi sila nangagpapagal ni nangagsusulid man, ngunit gayunma'y sinasabi Ko sa inyo na si Salomon sa kaniyang buong kaluwalhatian ay hindi nakapaggayak na gaya sa isa." At aking napag-alaman, na ang lirio ay dapat lumago, araw at gabi, umikot, nagtrabaho, at gawing maningning ang sarili nito. Subalit wala itong nakukuhang biyaya mula rito, sa sarili nito. Ibinubuka niya ang sarili, at—at sinasamyong nagdaraan ang halimuyak mula sa kaniya. Kinukuha ng bubuyog ang pulot mula roon sa puso. Ibinibigay niya ang lahat-lahat na pinagpagalang ipunin. At tinatawag ko ang aking mensahe na, *Kagalang-galang na Ginoong Lirio*, kaya iyo'y isang kakaibang uring teksto.

<sup>8</sup> Subalit—subalit ganon ito, ibinibigay ng mga ministro ang kanilang mga sarili sa mga tao, at ito'y mabuti kung gayon ang maupo na lamang at—at makinig sa iba. Tulad ng pagpapainit sa pamamagitan ng apoy, gusto nating maupo sa ilalim ng ningas ng apoy ng bawat isa at painitan ang ating mga puso sa pamamagitan ng Ebanghelyo na ipinangangaral ng ating mga kapatid sa mga tao. At nagpapasalamat ako sa pagkakaroon ng ganitong pagkakataon upang gawin iyon. At ngayon nagtitiwala ako sa gabing ito . . .

9 Sinabi sa akin ni Billy na namahagi na siya ng mga prayer cards, lahat-lahat. At hindi rin tayo magkakaroon ng isang hanay ng panalangin dito kung maglalagay man tayo. Kita ninyo, kinakailangan mong lumabas sa paligid mula rito, at dadaan sa isang madilim na pasilyo, at aakyat sa dakong ito. Matatalisod ka sa lahat ng bagay, para makarating dito. At ang may sakit at lumpo ay mahihirapan ng labis, sa paggawa nito.

10 Subalit hindi natin alam kung ano ang maaaring gawin ng Panginoon. Maaaring bumaba Siya dito mismo sa ating kalagitnaan, ngayong gabi, at—at pagalingin ang bawat isang naririto, bawat karamdaman. Oh, mas gugustuhin kong makita iyon kaysa sa lahat ng mga hanay ng panalangin na aking naranasan sa aking buhay, basta—basta makita lamang ang dakilang kapangyarihan ng Diyos na bumababa sa Kaniyang masunuring mga anak. Ako—gusto ko lagi iyon.

11 Kadalasan, kapag mayroon kang anumang personal na pakikipag-ugnayan sa mga tao, katulad ng pagpapatong ng mga kamay, maaari ito, ewan ko kung marami ang makagagawa niyon, buweno, kanilang sasabihin, “Ipinatong ng isang-isang ministro ang kaniyang mga kamay sa akin, at, luwalhati sa Diyos!” Gumagawa nitong tumingin sa ministrong iyon kung gayon.

12 Subalit kung sadyang tatayo ka rito, ipangangaral ang Salita, at hahayaan ang Espiritu Santong pagalingin ang bawat isa, kung gayon walang pasubaling ito ay sadyang biyaya ng Diyos. At kung gayun nakukuha ng Diyos ang lahat ng papuri, luwalhati, at walang anino para sa kanino man. Ganiyan ako, sa aking ministryo, ang dahilan kaya hindi ako pumupunta sa napakarami, malibang. . . Ngayon, kagabi, sinubukan nating manalangin para sa marami sa abot ng ating makakayanan. Subalit sa pagpapatong ng mga kamay. . .

13 Ito’y kadalasang sa mga gabi, maaaring dumating ang Espiritu Santo sa ating kalagitnaan at gawing hayag ang Kaniyang Sarili, gawing ipakilala ang Kaniyang Sarili sa atin. At pagkatapos sa pamamagitan niyon, sa palagay ko, ito’y totoo, kung kailan maaari Siya sigurong magpakilala sa kataas-taasang kapangyarihan, kita ninyo. Hindi ko masasabi ngayon, “Ang lalaking *ito*, o ang babaeng *ito*, o ang batang *iyon*,” kita ninyo. Kumikilos ang Espiritu Santo sa gusali at nangungusap sa kahit sinong gusto Niyang kakausapin. Kita ninyo, iyo’y kataas-taasang kapangyarihan. Samakatuwid inihahatid niyon ang karunungan, sapagkat ito’y isang pangako ng Diyos, at inihahatid niyon ang karunungan ng kataas-taasang Diyos, at gayon din naman ibinababa ang Kaniyang Presensiya sa ating kalagitnaan. Kailangang makita natin ito at magalak! At kahit na. . .

14 Sasabihin mo, “Buweno, may pilay ako sa aking kamay. Naroroon ako kagabi. Ako—ako—hindi man lang ako umigi.” Wala iyong anumang kinalaman dito. Sa iyo, ito’y tapos na. Hindi ka tumitingin sa iyong kamay kung gayon, tumitingin ka sa isang pangako, nakikita ninyo. At dahil doon, hindi mo masasabing, “Aba, hindi dinasal ni Kapatid na *ganito-at-ganoon* ang panalangin ng pananampalataya, o ganito-o-ganoon.” Ito’y ang Presensiya ng Panginoon ang nagbigay sa iyo ng pananampalataya, kita ninyo, at pagkatapos ipinadala Niya ang Kaniyang Salita at pinagaling sila.

15 Ngayon, kagabi ako—nasira kong muli ang aking pangako. Sisikapin kong tiyaking alalahanin ito sa gabing ito, kung magagawa ko. At ngayon may nagsabi, “Hindi ka nanatili sa iyong teksto kagabi.” Hindi, ako—hindi nga; sapagkat, sasabihin ko sa inyo kung bakit. Mangangaral sana ako sa isang paksa, ngayon nakalimutan ko lang kung ano, “*Ngunit Sagana Sa Awa Ang Diyos.*”

16 At kailangan kong sikaping ipaliwanag kung paanong si Pablo, nangungusap doon, nagsabi, “Tayo sa mga nakalipas na panahon,” isang pagkakataon, sa ibang panahon maliban ngayon, “patay tayo sa—sa kasalanan at mga pagsalangsang; na ginising ng Diyos, at binuhay.” Ngayon, kita ninyo, bago gisingin ang anumang bagay, kailangang may isang bagay doon na dapat gigisingin. Iya’y tama.

17 Kaya, nakikita ninyo, kung nasa paunang kaalaman kayo ng Diyos, kung gayon nagiging bahagi kayo ng Diyos. At ang tanging paraan upang maging isang anak na lalaki kayo ng Diyos o isang anak na babae ng Diyos, kailangang maging bahagi ka ng Diyos, at hindi ganap ang Diyos kung wala ka. Kailangang maging gayun. Iya’y tama, pagkat may Isa, isa lamang pinagkukunan ng Walang Hanggang Buhay, at ang Diyos iyon, at Siya lamang ang may Walang Hanggang Buhay. Kita ninyo? Ngayon, at bahagi ka na Niya, sa dakilang ika’y isang katangian, o nasa Kaniyang kaisipan nang pasimula. At na, dahil inisip ka Niya sa pasimula, nagbibigay ito ng mahinang hatak papunta sa Kaniya. Iyo’y kung ano ang kailangang gisingin. Ilan sa kanila ay hindi na gigisingin; talagang wala sa kanila ito, iyon lamang.

18 Katulad lamang kapag maglalagay ka ng isang butil ng mais sa lupa, wala siyang... Kahit anong ganda nito, kung wala itong taglay na punlang buhay sa loob nito, hindi ito kailanman magigising. Subalit kailangan munang naroon ang punlang buhay.

19 At may maikli akong kuwento tungkol sa agilang iyon, na lumalakad kasama ng mga inahing manok at mga sisiw sapagkat pinisa siya at isinilang doon, subalit hindi talaga siya nakadamang tulad sa mga sisiw na iyon. At, alam ninyo,

noong dumaan ang kaniyang ina at sumigaw, narinig niya ang isang tinig na nagpakaganda sa kaniyang pandinig, sapagkat, tandaan, isang agila siya, simula't sapul. Kinakailangan niyang malaman ang kaniyang sarili, upang masumpungan ang kaniyang dako.

<sup>20</sup> At ganiyan nga ang bawat mananampalataya. Hindi ka ipinanganak para sa mundong ito. Nilikha ka sa larawan ng Diyos, upang maging isang anak ng Diyos. At hindi ka kasama sa bakuran ng manok na ito rito. Ika'y isang agila.

<sup>21</sup> At alam ninyo, naroon ako sa “agila” na iyon at hindi ko na maibalik ang aking mga paa sa lupa, kaya kinuha ko na lang. . . masyado akong nagtagal, at pagkatapos nakalimutan ko kung ano na ang aking tekstong, at nawala pa ang aking mga tala at lahat na. Nagkaroon ako ng isang kakaibang pangyayari. Subalit gayon nga iyon, doon lang ito sa “agila” na iyon.

<sup>22</sup> Ngayon nawa'y ang Agilang iyon, ang Diyos! Alam ninyo, inihahalintulad ng Diyos ang Kaniyang mga propeta sa mga agila. At tinatawag Niya ang Kaniyang Sarili na isang agila; Siya ay si Agilang Jehova, Papa Agila.

<sup>23</sup> At ang dahilan kaya ginagawa Niya iyon, nakalilipad ang agila nang mas mataas kaysa alinman ibon, at sapagkat ginawa siyang kaiba sa alinman sa mga ibang ibon. Ngayon, hindi siya gumagawa ng kaniyang pugad sa lupa tulad ng mga manok at iba pa, kundi pumapaitaas siya upang gumawa ng kaniyang pugad.

<sup>24</sup> At isa pang bagay, na, siya ay isang ibong natatangi ang pagkakagawa. Ngayon kung ang isang—kung ang isang lawin, o isang uwak, o isang buwitre, o alinmang iba pang ibon ay susubukang sundan siya pataas sa langit, magkalasug-lasog siya; hindi siya nilikha para dito. Kinakailangang maging isa siyang natatanging tao para pumaitaas doon. Ang kaniyang mga balahibo ay mas dikit na dikit kaysa sa alinmang ibang ibon.

<sup>25</sup> At—at mas matalas ang kaniyang mata kaysa sa alinmang ibang ibon. At habang higit siyang tumataas, lalo siyang nakakita. Buweno, ilan sa kanilang mga ibong iyon, kapag lumipad sila ng mataas kaysa sa kanilang dapat liparin, sila'y kasing bulag ng isang paniki. At iyo'y ganooon din sa . . . Buweno, kapag iniwan nila ang kredong iyon, wala silang alam tungkol Dito noon. “Ang mga kaarawan ng mga himala ay lipas na,” bakit? Hindi nila makita Ito.

<sup>26</sup> Subalit ang mga agila ay kayang pumailanglang sa sangkalangitan, at sa Langit ng mga langit sa dako pa noon. Anong buti ang maidudulot nitong pumaitaas Doon kung hindi ka rin makakita? Oh, ako'y lubos na nagagalak na maging isa sa kanila, at nakasama nang isang buong kawan sa pugad nila ngayon.

<sup>27</sup> Bumuklat tayo sa Lumang Tipan, sa Aklat ng mga Kawikaan, na isinulat ni Salomon, isa sa pinakamatalinong

tao sa mundo, bukod sa ating Panginoong Jesus. Ngunit hindi Siya talagang katulad ni Salomon, sa kadahilanang si Salomon ay isang taong ipinanganak ng isang babae at bunga ng isang panlupang ama, si David. Ngunit si Jesus ay ipinanganak na isang birheng-silang na Anak, at hindi lamang isang tao; kundi Siya ay Diyos, ang Tao't-Diyos, at Siya ay higit pa sa isang tao, Siya ay isang tao saka iba pa. Kita ninyo? Ngunit si Salomon ay isa lamang taong kagaya n'yo at ako, at humihingi siya sa Diyos ng karunungan, upang pamahalaan ang kaniyang kaharian. At nagkaroon siya ng isang kaloob ng karunungan, ang pinakamatalinong tao na ating nakilala bukod sa ating Panginoon. Isinulat niya ang mga Kawikaan, at sa paniwala ko'y napakahusay nila.

<sup>28</sup> At tayo'y magbuklat ngayon sa Aklat ng mga Kawikaan, ang ika-1 kabanata, at, o ika-2 kabanata, pala, at ang nauunang ilang mga talata ng mga Kawikaan, ng ika-2, umpisa sa ika-1. Sa Mga Kawikaan 2, umpisa sa ika-1, ang pagpapatuloy ni Salomon na pinapayuhan ang kaniyang mga anak, "Aking anak, kung iyong tatanggapin . . ." Pagpaumanhinan ako.

<sup>29</sup> Ito'y sa Mga Kawikaan 3:1. Pagpaumanhinan ako. Tumingin ako dito sa—sa aking aklat, at nakita ko na sa Mga Kawikaan 3 ito sa halip na ika-1 o ika-2. Pagpaumanhinan ako. Mga kawikaan 3:1.

*Anak ko, huwag mong kalimutan ang aking kautusan;  
kundi ingatan ng iyong puso ang aking mga utos:*

*Sapagka't karamihan ng mga araw, at mga taon ng buhay, at kapayapaan, ay ma . . . ay madadagdag sa iyo.*

*Huwag kang pabayaang ng kaawaan at katotohanan:  
itali mo sa palibot ng iyong leeg; ikintal mo sa iyong puso:*

*Sa gayo'y makakasumpong ka ng lingap at mabuting kaunawaan sa paningin ng Dios at ng tao.*

*Tumiwala ka sa PANGINOON ang buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.*

*Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga likod, at kaniyang ituturo ang iyong landas.*

<sup>30</sup> Oh, sa palagay ko iyon ang pinakamagandang Kasulatan! Ngayon nais kong kunin para sa isang teksto, mula sa—sa ika-5 talata, *Huwag Manalig Sa Iyong Sariling Kaunawaan.*

<sup>31</sup> Ngayon ito ay isang—isang kakaibang teksto para sa araw na ating pinamumuhayan, dahil ang binibigyang-diin sa araw na ito ay nakabatay sa edukasyon at sa ating sariling pang-unawa sa mga bagay-bagay, ang araw ng—ng pag-aaral. Subalit ating nasumpungan dito na kakaibang pangungusap ito, tulad ng ibang mga Kasulatan, mayroon itong kaniyang dako, at

nagtitiwala tayo na papayagan tayo ng Diyos na makita kung saan naroroon ang dakong ito.

<sup>32</sup> Sa araw na ito hinahatid natin ang ating mga anak sa paaralan, upang magkaroon ng kaunawaan. At pagkatapos nilang magtapos sa mga pampublikong paaralan, dinadala natin sila sa mataas na paaralan para sa mas mabuting pang-unawa ng karunungan. At makaraang magtapos sila doon, ang ilang mga bata ay mas pinalad na makapagpatuloy sa kolehiyo, at pumasok sa kolehiyo para makumpleto ang kanilang pinag-aralan at ang kanilang pang-unawa ng karunungan. Kung ano ang kanilang nakamtan sa pamamagitan ng... Sa maraming pagkakataon, upang makakuha ng isang trabaho, kinakailangan mong magkaroon man lang ng pang-unawang pang-mataas na paaralan, o isang edukasyong pang-kolehiyo, o iba pa.

<sup>33</sup> Ganun pa man, nagsabi ang matalinong si Salomon sa atin na, “huwag manalig dito, huwag sa ating sariling kaunawaan; huwag masanay sa mga bagay na ito.” Sapagkat, nagtataka tayo kung bakit sinasabi niya ang isang bagay na tulad nito, dahil ito’y sa kadahilanang ang ating makabagong kaunawaan ay kadalasan isang karunungan ng tao, na salungat sa Salita ng Diyos. At sa paniwala ko iyo kung ano ang sinisikap ni Salomon na ipayo sa kaniyang mga anak, upang huwag na maging mangmang, kundi ang huwag na manalig sa kanilang kaunawaan.

<sup>34</sup> At sa palagay ko ito ay magiging isang magandang pangangaral sa araw na ito, kung sabihin natin sa ating mga anak at sa mga anak ng Diyos, na, mabuting magkaroon ng edukasyon, walang tumututol doon; subalit kung ang edukasyon iyon ay salungat sa Salita ng Diyos, kung gayon manalig sa Salita at hayaang mawala ang inyong pinag-aralan, kita ninyo, dahil sa Salita. At ang pinag-aralan ay mamamayani at magbibigay sa iyo ng isang magandang trabaho, maaaring isang magandang katatayuan sa gitna ng mga matatalinong tao, subalit, mabuting lahat iyon, at maaaring magiging isang malaking tulong sa iyo, makatulong sa iyo sa iyong pananalapi at sa iyong—iyong kabuhayan, makapag-hanapbuhay ng marahil mas mabuti-buti para sa iyo.

<sup>35</sup> Subalit alalahanin ang isang bagay, aking anak, ika’y mamamatay. Kahit gaano pa karaming edukasyon ang taglay mo, gaano pa karaming kalinangan ang iyong naipon, kailangan mo pa ring harapin ang kamatayan, sapagkat ito ay nasusulat, na, “Kailangang ang tao ay mamatay, at pagkatapos niyon ang Kahatulan.” At ang Diyos, kapag... Ang kamatayan ay hindi lubhang masama, subalit ang humantong sa Kahatulan ay ang masamang bahagi. Ngayon, maaari kang mamatay, “subalit pagkatapos niyon ay ang Kahatulan.” At hindi itatanong sa iyo ng Diyos kung gaano karaming pag-aaral ang iyong nakamtan noong narito ka pa sa lupa, gaano man karaming karunungan

ang iyong natipon, kung nakamtan mo man ang iyong Batsilyer sa Sining, o anuman antas ang iyong narating, kahit bilang isang ministro. Hindi ito hihingin sa iyo.

<sup>36</sup> Subalit ito’y hihingin, sa iyo, kung ano ang iyong ginawa tungkol sa kaunawaan ng Salita ng Diyos. Iyo’y kung saan dumarating ang mga kinakailangan, dahil Diyan. Ang iyong edukasyon ay mabuti, subalit ang Salita ng Diyos ay Buhay. “Ang Aking Salita ay Buhay,” at ang malaman Ito ay Buhay. At Siya, Kaniyang sinabi, “Kilalanin Siya.” Siya ang Salita. Kaya makikilala mo lamang Siya sa pamamagitan ng Salita, dahil Siya ang Salita. At iyon ang tanging paraan na makilala mo Siya, ay sa pamamagitan ng Kaniyang Salita.

<sup>37</sup> Maaaring darating ang isang tao at sasabihing, “*ito* ang Diyos,” o “*iyang* ang Diyos,” o “*ito* ang Diyos,” o “*ito* ang tama,” at “*iyon* ang tama,” subalit bumalik tayo sa Salita, na siyang Katotohanan.

<sup>38</sup> At ang Salita ay tulad lamang ng—ng Hilagang bituin, ito’y isang tunay na bituin. Kahit na saan pa lumutang ang mundo, ang Hilagang bituin na iyon ay gitna pa rin ng mundo. Itutok mo ang iyong kompas sa Hilagang bituin. Ito’y palaging nasa gitna ng mundo. Ang ibang mga bituin ay umiikot kasama—ng mundo, ngunit ang Hilagang bituin ay nananatiling permanente.

<sup>39</sup> Ngayon ang kompas ay ang Espiritu Santo, at (ang) iyong—iyong pinakabatayan ay ang Hilagang bituin, kaya ang Espiritu Santo ay palaging nakatuturo patungo sa Salita. Hindi ka dadalhin ng Espiritu Santo sa anupamang bagay kundi sa Salita ng Diyos. Kaya paano matatanggap ng isang tao ang isang kredo, kung ito’y salungat sa Salita, at pagkatapos sasabihin pa ring nasa kaniya ang Banal na Espiritu? Ituturo ka palayo roon ng Banal na Espiritu. Kakailanganin ang Espiritu Santo upang maituro kayo sa Salita, sapagkat Siya ang Salita. Siya ang Salita, at maaari lang Itong. . . Kagaya ng—kagaya ng magnetik sa kompas na nakaturo lamang sa bandang Hilagang Polo, iyon lamang ang paraang maaari itong humatak. At kapag ang Espiritu Santo ay ang May-Akda at Manunulat, at ang tagapagbigay-buhay ng Salita, papaano Nito ituturo ang tao sa anupamang bagay maliban sa Salita?

<sup>40</sup> Kaya kapag sinasabi ng isang tao na taglay nila ang Banal na Espiritu, at tinatanggap ang isang bagay na salungat sa Salita, nagpapakita ito na hindi ang tunay Banal na Espiritu ang natanggap nila. Kita ninyo? Maaaring isa itong espiritu, hindi ko tutulan iyan, subalit ito—hindi ito ang Banal na Espiritu ni Cristo. Ngayon, alam ninyo, sa maraming pagkakataon, kinukuha nila ang bawat mga espiritung iba; at kaya maaari iyong tumuro, tulad sa isang grupo ng tao, sa isang tiyak na bagay, subalit hindi ito—hindi ito ituturo kay Cristo. Ngunit



ang Espiritu Santo ay palaging tumuturo kay Cristo, at si Cristo ang Salita.

<sup>41</sup> Nakikita natin ito nang malinaw na malinaw sa Biblia. O, nakita ko. Maaaring mali ako, subalit, sa aking kaisipan, ngunit hindi sa palagay ko; sapagkat iyon itong “Huwag manalig sa iyong sariling kaunawaan ng mga bagay-bagay.” Kung mananalig ka sa iyong sariling kaunawaan, kung gayon tiyak na malilihis ka sa tamang daan. Hindi ka maaaring manalig sa kaunawaan ng sinuman, pagdating sa Buhay. Upang masumpungan ang Buhay, kailangan mong manalig sa Salita. Iya’y Buhay.

<sup>42</sup> Nakikita natin ito, mula sa pasimula. Ito’y malinaw na malinaw na ipinakilala sa atin, mula sa pasimula, na ibinigay ng Diyos ang Kaniyang unang pamilya sa lupa ang Kaniyang Salita, upang pamuhayan. Tanging ang Kaniyang Salita, ang pinamuhayan. Ngayon, iyo’y hindi sa paraan na kumakain ng pagkain, at iba pa. Kundi ang Kaniyang Salita ang dapat nilang pamuhayan, Magpakailanman. At hanggat iniingatan nila ang Salitang iyon, mabubuhay sila Magpakailanman. Subalit nailagay sa maling dako ang unang maliliit na parirala ng Salitang iyon, nawasak ang buong tanikala, at ang lahi ng sangkatauhan ay nalugmok sa kamatayan. Kita ninyo, ngayon ating napansin.

<sup>43</sup> Si Eva, na walang alinlangang isang matalinong tao; ang una pagkatapos ni Adam, na siyang—siyang anak ng Diyos. At si Eva, na walang alinlangang naroon sa dakong iyon kung saan doo’y walang kasalanan, walang dako para sa kasalanan, siguradong mayroon siyang isang napakagandang pagkaunawa kung ano talaga ang Diyos. Sapagkat, tuwing hapon, naglalakad siya at ang kaniyang asawa sa kulimlim ng halamanan, sa gabi, ay nakikipag-usap ng mukhaan sa Diyos. Isang-isang di-makatuwirang bagay na ang isang tao na lumalakad kasama ang Diyos, bawat araw, at pagkatapos ay babaling sa pangangtuwiran ng isang bagay na siyang naglayo sa kaniya mula sa Salita ng Diyos!

<sup>44</sup> Nasa sa atin pa rin ang mga iyon. Napakadali nilang mailayo mula sa Salita ng Diyos, pagkatapos maupo sa Presensiya ng Diyos. Nakikitang ipinangaral ang Salita ng Diyos, nahayag ang Salita ng Diyos, mga maglalasing at mga makasalanan lumapit sa altar at magbalik-loob at maging mga bagong nilalang kay Cristo, mga taong naging hayok sa katanyagan na naging mga kababaihan at kalalakihan; at pagkatapos babaling mula sa banal na Bagay na iyon na naghatid sa kanila sa Buhay na ito, at pagkatapos maililigaw lang dahil sa ilang uri ng kredo, upang lalong maging tanyag o—o mapunta sa tinatawag nilang isang mataas na antas ng mga tao.

45 Aba, ika'y nasa pinakamagaling sa lahat ng uri: mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Buweno, mas gusto ko ang mga kasamang ganoon kaysa sa makasama ko ang lahat ng mga hari at mga makapangyarihang tao, at lahat na. Ibigay mo sa akin ang mapagkumbabang lupon ng mg taong iyon, kung hindi nila alam ang kanilang kanang kamay mula sa kanilang kaliwa! Basta't kilala nila ang Diyos, at minamahal Siya at pinaglilingkuran Siya, iyan ang tanyag na tao ng Langit, para sa akin. Oo, ginoo!

46 Ngayon, subalit nasumpungan natin na madaling nahikayat ni Satanas si Eva, mula sa Salita ng Diyos, at nananalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan, dahil nagpanukala si Satanas ng isang bagay sa kaniya na wala sa kaniyang totoong kaunawaan sa Diyos. Ngunit nagkaroon siya ng isa pang bagay na sinabi sa kaniya ng kaaway, si Satanas, at pinaniwalaan niya ito.

47 Ngayon nalalaman natin ang mga naging bunga nito. Inihulog nito ang buong sangkatauhan sa kamatayan, sapagkat ang unang ina sa lupa, ay nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan, salungat sa Salita ng Diyos, at inihulog ang buong sangkatauhan sa kamatayan. Ngayon pinaniniwalaan ba ninyo iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Iyan ang Salita. Buweno, ang isang babae ay palaging . . .

48 Ang Iglesya, sa Biblia, ay itinipo sa babae. At kayang tumanggap ang isang iglesya sa araw na ito ng isang langkay ng mga dogma o mga kredo, at inilulugmok ang buong kongregasyon sa isang pakikipaghiwalay mula sa Diyos. Ang mga taong iyon na kumukupkop ng mga ganoong bagay, sa halip na Salita ng Diyos, ay tulad lamang kay Eva. At ito'y ginawa nang paulit-ulit, hanggang sa mailugmok ang buong henerasyong ito palayo sa Salita ng Diyos.

49 At kapag ipinamalas na ang Salita, inihayag na ang Salita, hindi nila tatanggapin Ito, sapagkat hindi nila gagawin ito, sapagkat nananalig sila sa kanilang sariling kaunawaan. "Dito itinayo ang iglesyang ito. Ito'y isang magandang dako. Ito'y isang malaking organisasyon. Ito'y kinabibilangan ng isang malaking grupo ng mga tao. Bakit hindi tayo aanib doon? Nagtitiwala ako dito." Huwag magtiwala sa inyong sariling kaunawaan, bagkus magtiwala sa Salita ng Panginoon!

50 Ngayon—ngayon nagtapos ito, sa wakas, sa kamatayan ng buong lahi, gaya ng sinabi ko, ganoon din ngayon, sa maraming mga tao na nagtitiwala sa kanilang sariling kaunawaan, ang kanilang mga dogma at mga kredo, at iba pa, na sinasabing na, "Ang Salita ng Diyos ay hindi lubos na totoo, na ilan Dito ay kinasihan at ang ilan ay hindi." Paano ka magkakaroon ng pananampalataya sa Biblia, kung ang isang bahagi nito ay kinasihan at ang isang bahagi Nito ay hindi? Kung ang isa, kung

mali ang isang sipi, kung gayon maaaring mali rin ang kabuuan. Ito'y kailangang maging tama ang lahat, tamang-tama.

<sup>51</sup> At ilan sa mga ito na natingang, pinilipit, mga paaralan ng Biblia na nagtuturo ng karunungan ng tao, pagtitipon, kung saan sila ay nagsasama-sama at nauupo sa isang sanggunian ng mga tao, at nagsasabing, “Ngayon tingnan, ang mga kaarawan ng mga himala, natapos na ito sa mga kaarawan ng mga apostol.” At maraming mga kalalakihan sa ilalim ng obispo o mga matataas na tao, ay uupo doon at magsasabing, “Aba, kung sasang-ayon lamang ako sa kaniya, walang alinlangang ako na siguro ang susunod na uupo sa kaniyang puwesto.” Kita ninyo, kung gayon nananalig ka sa iyong sariling kaunawaan, sa halip na tumayo sa iyong dalawang paa para sa Salita ng Diyos. Iyon ang naging dahilan ng mga bagay na ito.

<sup>52</sup> Kamakailan lamang, isang tao. . . Nakipagtalo ako tungkol sa buwis. At sinabi nila sa akin, sinabi, “Aba, ang iyong mga katiwala ay mga tau-tauhan, sa palagay ko.”

<sup>53</sup> Aking sinabi, “Kung mayroon akong katiwala sa lupon ng tagapamahala, na may ibang kaisipan, at hindi maninindigan at (hindi mahalaga sa akin kung sino ang nagsasalita tungkol dito) magpapahayag ng kaniyang sariling mga pananaw dito, ititiwalag ko siya sa lupon.” Oo, ginoo. Bagamat taliwas ito sa aking paniniwala, nais kong ipahayag niya kung ano ang sa palagay niya ay tama. Iyon ang dahilan kaya isinugo ko siya doon, upang makita kung ano ang sasabihin niya tungkol dito. Subalit mayroon tayo niyon.

<sup>54</sup> Pansinin, sinabi ni Jesus, sa San Juan 10, “Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig.” Ang Tinig, siyempre, ay ang Kaniyang Salita, kapag Siya ay nagsasalita. “Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Pinatunayan na sa kanila ang Aking Tinig, na totoo. Ito'y pinagtibay na Aking Tinig iyon.” Ngayon, ngayon pansinin, hindi sila makasusunod sa alinmang ibang tinig. Ayaw nila. “Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, at hindi sila susunod sa iba.” Sa ibang salita, hindi nila mauunawaan ang isang teolohiyang tinig sa may turing taliwas sa Salita. Hindi mauunawaan ng tupa iyon lalong hindi na nang agila, kagabi, na mauunawaan ang pagpapatuk ng inahing manok. Hindi nila maunawaan iyon, sapagkat isa siyang agila. At katulad din iyon ng isang tunay na isinilang muli na anak ng Diyos, nauunawaan lamang nila ang mga bagay na pawang sa Diyos.

<sup>55</sup> Ngayon may nagsabi, “Buweno, ngayon tingnan, maaari mong gawin *ito*, sa palagay ko. Ito'y, naniniwala akong hindi ito sa *ganitong* paraan. Naniniwala ako na lipas na ang kaarawan ng mga himala. Hindi ako naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling. Hindi ako naniniwala *Dito*.” Ngayon ang isang tunay na Kristiyanong isinilang-muli, hindi yon hihinto

sa kaniyang mga tainga, hindi niya mauunawaan ito sa anumang paraan. At papaanong ang isang taong naniniwala sa Diyos, at nakababasa ng Biblia at nakakakita sa Siya ay tulad kahapon, ngayon at magpakailan man, ay tatanggap ng tulad sa ganoong bagay, hindi ko ito maunawaan.

Kaya nga hindi sila nananalig sa kanilang sariling kaunawaan.

<sup>56</sup> Tulad lamang ng isang—isang sanggol. Kunin ninyo ang isang maliit na sanggol, at hayaang maipanganak siya at hayaang humilig nang minsan sa dibdib ng kaniyang ina, sumuso sa kaniya, ang mainit na gatas, ihilig ang kaniyang munting ulo sa kaniyang dibdib, kahit siya ay ilang oras pa lang ang gulang. Sa isang araw o dalawa mula roon, ilayo ninyo siya sa kaniyang ina at ilagay siya sa dibdib ng ibang ina, isisipa niya ang kaniyang maliliit na mga paa pataas at papalahaw. Ito’y hindi ang kaniyang ina. Kita ninyo, may isang bagay na naroon sa kaniya, sapagkat bahagi siya ng kaniyang ina, magkagayaon pa man naglaan ang kalikasan sa kaniya ng paraan upang makilala ang kaniyang sariling ina.

<sup>57</sup> At kung naglaan ang kalikasan ng paraan para sa isang sanggol upang makilala ang kaniyang ina, mula sa kung saan ito’y isinilang, gaano pa kaya sa kaniya na anak ng Diyos na ipinanganak sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Kilala niya ang kaniyang Mama! Kilala niya, sapagkat ipananganak siya ng Salita, at nauunawaan niya ang Salita. Ilagay mo siya sa kakaibang dako, tiyak na siya ay wala sa—tamang lugar, siya’y lalabas doon nang kasing-bilis ng kaniyang buong makakayanan. Sapagkat siya, hindi siya nanalig. . .

May nagsabi, “Ngayon hintay, mahal, *ito* ang iyong ina ngayon.”

<sup>58</sup> Ito’y hindi ang kaniyang ina, sapagkat may isa siyang paraan ng pagkilala na bahagi siya ng kaniyang ina. Iyon ang kaniyang ina, wala ng iba pang maaaring pumalit sa kaniyang puwesto. Kilala niya ang kaniyang sariling ina. Pansinin kung paano—kung paanong ito’y sadyang gayon, ginawa ng Diyos ang lahat ayon sa kaniyang uri.

<sup>59</sup> Ang mga baka ayon sa kanilang uri. Sa maraming pagkakataon sa pagtitipon-tipon, dadalhin namin ang buong kawan ng mga baka at ang mga maliliit na guya, pinagtatakan ko talaga kung paano nila nakikilala ang kanilang sariling ina. Ngayon, sila, bumababa sila mula sa kabundukan, na magkakahalo ang mga baka. Ang isang—isang—isang baka na kasama ng guya, maaaring ang isang maliit at gutom na guya ay posibleng sumuso nang kaunti sa ibang ina, kung siya’y talagang gutom; subalit ng pahintuin namin sila, mula sa parang, biglang nanuot sa kalipunan ng mga baka at mga guya ang inang iyon hanggang sa matagpuan niya ang kaniyang sariling anak, at

tumatakbong palapit ang guya sa kaniyang ina. Nalalaman nito yaong isang mahinang ungol at ang kaniyang pag-atungal. At umaatungal siya para sa guyang iyon, at umaatungal din ang ibang mga ina hanggang sa hindi na ninyo halos marinig ang inyong sariling tinig, ngunit hahanapin ng maliit na guyang iyon ang isang panawagan ng kaniyang ina, sapagkat ito’y bahagi ng ina.

<sup>60</sup> At ang isang Kristiyanong isinilang-muli mula sa Langit, siya ay bahagi ng Salitang ito. Tama. Hindi siya susunod sa ibang ina. Siya ay bahagi ng Salita. Nananatili siya sa Salita. “Kung ang trumpeta ay nagbibigay ng isang di-tiyak na tunog, sino ang makapaghahanda ng kaniyang sarili para sa labanan?” sabi ni Pablo. Kilalala niya ang tunog ng Salita. Pansinin kung paano—paano ito nagkakanoon, patuloy silang sinusundan ng predestinadong kamay ng Diyos mula simula hanggang wakas. Nalalaman niya na itinalaga siya, siya ay nasa Katotohanan ng Ebanghelyo. Nalaman niya na ipinanganak siya sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Nalalaman niya na hindi maitatangi ng Espiritu ng Diyos ang Salita ng Diyos, kung kaya’t hindi siya susunod sa iba. Pansinin kung paano . . .

<sup>61</sup> Tumitingin akong muli dito sa isang tala na aking isinulat dito. Ako—nalampasan ko ito, ngunit nagkataong nakita ko lang ang pagbasa ng Kasulatan, inisip kong mangusap ditong muli. Pansinin kung paano sumunod sa Kaniya sarili predestinadong tupa, doon mismo sa mga kaarawan ng ating mga dakilang teologo na dumating sa atin. Lumabas agad sila, sapagkat kilala nila Siya. Alam nila kung ano ang ipinangako ng Salita para sa araw na iyon. Alam nila kung ano ang kahalintulad ng Mesias kapag dumating na Siya. At lumapit si Simon Pedro sa Kaniya, na “Simon” pa lang noon.

<sup>62</sup> At sinikap ni Andres na sabihin sa kaniya ang tungkol doon. “Ang Lalaking ito ay ang Mesias.” Buweno, si Simon, siyempre, siya ay medyo may katigasan ang ulo, at ayaw niyang sumama.

<sup>63</sup> Subalit nang mapunta siya sa Presensiya ni Jesus, noong sabihin ni Jesus, “Ang pangalan mo ay Simon, at anak ni Jonas.” Ngayon nalalaman natin na sinabihan ni Jesus ang Kaniyang mga apostol na nakikilala Niya sila, at siya, “bago pa itatag ang sanlibutan.” Mga katangian sila ng Kaniyang mga kaisipan. Samakatuwid, bilang ang binhing iyon na nahimlay sa kaniya, alam niya na sinabi ng Salita at ipinangako na ang Mesias ay isang propeta. At nang makita niya iyon, tapos na siya sa pangingsda. Alam niya na pagkatapos noon ay iiwan niya ang kaniyang mga lambat, sapagkat hahayo—hahayo siya at magiging isang mangingsda ng mga tao. Sapagkat . . .

<sup>64</sup> Ngayon, may mga iba pang nakatayo roon, na nakakita ng iisang kaganapan, at itinuring itong isang “masamang espiritu.” Mga teologo iyon, sapagkat wala ito sa panlasa

ng kanilang teolohikang katuruan. At tinanggihan nila ito, sapagkat nanalig sila sa kanilang sariling kaunawaan, ng kanilang mga dalubhasa; noong, dumating si Jesus Cristo sa pagsasakatuparan ng pangako ng Salita, at masyado silang bulag para makita ito. Nanalig sila sa kung ano ang sinabi ng mga pari, at sa kung ano ang sinabi ng iglesya, sa halip na sa kung ano ang sinabi ng Diyos.

<sup>65</sup> Ngayon sinaway sila ni Jesus dahil dito. Kaniyang sinabi, “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat inaakala ninyong sa Kanila ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. At Sila yaong nagpapatunay sa Akin. Ang mga Kasulatang ito na hinihiling Kong inyong saliksikin, sila ang magsasabi sa inyo kung sino Ako.”

<sup>66</sup> Subalit ayaw nilang manalig sa kung ano ang sinabi nang Salita, bagkus nanalig sila sa kung ano ang kanilang dating kaunawaan. Nanalig sila sa kanilang sariling kaunawaan. At nagsasabi sa atin ang Kasulatan na natalukbungan sila. Ang talukbong ng kanilang sariling teolohiya ang bumulag sa kanila.

Sasabihin mo, “Kapatid na Branham, anong nais mong ipakahulugan?”

<sup>67</sup> Kinukuha ko lamang ito. Nangyayaring muli ang bagay na iyon, hanggang sa, manalig ang kalalakihan at kababaihan at mga tao sa isang iglesya na kanilang pinag-aaniban at kinabilangan, kahit na ano pa ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol dito. Nagpapatuloy sila roon, nananalig sa kanilang sariling kaunawaan, at winawalang-bahala ang Salita ng Diyos, na parang hindi (hindi kailanman) man lang Ito naisulat. Ito’y ang di-ipinunlang binhi ng buhay ng tao. Ito’y may pisikal na buhay, ngunit walang espirituwal na buhay dito na mabibigyang buhay. Nakatakip sa kanilang mukha ang talukbong.

<sup>68</sup> Ngayon pansinin, mayroon kanilang sariling mga kaisipan kung ano nga ba ang talaga Diyos, mayroon silang kanilang sariling mga kuru-kuro sa kung ano ba talaga ang Mesiyas. Ngunit sinabi ng Salita kung ano talaga ang Mesiyas! Ngayon, kita ninyo, mayroon silang kanilang sariling kaunawaan sa kung ano Siya talaga. Walang alinlangan kundi ang kung ano ang sinabi ng punong saserdote, “Lahat ng aking mga saserdote sa nasasakupan ko, ngayon kapag dumating ang Mesiyas... Nagtayo kami ng isang malaking templo dito. Ginawa naming lahat *ito*. At sinabi ng Biblia, ‘Siya’ ay dagliang darating sa Kaniyang templo,’ at lahat ng mga bagay na ito. Kapag ginawa Niya, darating dito mismo ang Mesiyas at ipakikilala ang Kaniyang Sarili sa atin, at magsasabing, ‘Ako ang Mesiyas. Dumating na ako. Ako ang Mesiyas na iyon na inyong dagliang darating.’” Buweno, kapag dumating na Siya, darating Siya sa ibang paraan mula sa kung ano ang inisip nilang mangyayari,

hindi nila Siya nakilala. Hindi nila nakilala kung Sino Siya. Ngunit ang Kaniyang. . .

<sup>69</sup> At ano kaya kung may ipokrito pumaroon at magsabing, “Ako ang Mesiyas. Ako ay si Doktor *Ganito-at-ganoon*”? Tatanggapin nila ito.

<sup>70</sup> Subalit kapag lumapit kayo sa isang Tao na ipinanganak isang malabong na kapanganakan sa likod Niya, walang edukasyon sa alinmang paaralang Kaniyang napuntahan, upang matuto, wala Siyang seminaryong pinasukan, walang fellowship card; subalit Siya ang interpretasyon ng Salita ng Diyos, na naihayag. “Ang mga gawa, na aking ginawa, ang magsasabi sa inyo kung Sino Ako. Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa na ipanangakong gagawin Ko, kung gayon huwag ninyo Akong paniwalaan.”

<sup>71</sup> At hindi ba natin maisasagawa iyon sa araw na ito? Kapag dumating ang Banal na Espiritu, na nais nilang isagawa sa ilang ibang kapanahunan, kapag nasa pagkilos na Siya at sa mga pagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan ng Buhay na Walang Hanggan, nais tawagin ito ng mga tao na isang—isang “labis na panatisismo.” Bakit? Nananalig sila sa kanilang sariling kaunawaan, at hindi sa Salita ng Panginoon. At alam ninyong iyo’y tama.

<sup>72</sup> Ang pagkakakilanlan, na ang Diyos, ang Sariling pagpapaliwanag ay ang maipamalas ng pangako.

<sup>73</sup> Maaring sabihin ko ito, linawin ito nang kaunti. Kapag ipinangungusap ng Diyos ang Salita, hindi Niya kailangan ang sinumang lalaki o sinumang babae, o sinumang iba, na magsasabi kung ano ang kahulugan Niyon. Kapag sinabi Niya. . . Buweno, sasabihin mo, “*Ganito* ang ibig sabihin nang Diyos.” Ipinapakahulugan lamang ng Diyos ang kung ano lang na Kaniyang sinasabi ang Kaniyang pakahulugan. Kita n’yo?

<sup>74</sup> Ngayon paano Niya ipinaliliwanag ang Kaniyang Sariling Salita? Sa pamamagitan ng pagtupad Nito. Sinabi ng Biblia, “Isang birhen ang maglililihi,” naglihi siya. Hindi niyon kailangan ang anumang pagpapaliwanag. Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon. Hindi niyon kailangan ang anumang pagpapaliwanag.

<sup>75</sup> Sinabi ng Diyos, din, na sa huling mga araw na ito, “Ibubuhos Niya ang Kaniyang Espiritu sa lahat ng laman,” at ginawa Niya ito. Hindi niyon kailangan ang anumang pagpapaliwanag. Kailangan lamang nito ang pagtanggap, isang taong tatanggap sa kung ano ang ginawa ng Diyos. Hindi nito kailangan ang isang pagpapaliwanag. Ipinaliliwanag ng Diyos ang Kaniyang Sariling Salita. Ipinangako ng Diyos ang mga bagay na ating nakikita, sa bawat araw, na Kaniyang gagawin ito sa huling araw.

<sup>76</sup> Ang mga tao sa araw na ito, tulad noon, nananalig sila sa kanilang sariling kaunawaan. “Sinasabi ng aking pastor na iyo’y ‘panatismo.’” Subalit sinabi ng Biblia na mangyayari ito. Kaninong kaunawaan ang iyong pananaligan?

<sup>77</sup> Ipinangako ng Biblia sa huling mga araw, na, “Ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea ay magiging napakayaman, at magiging napaka-...o nasa kasapatan sa kanilang sarili, ‘Mayaman ako. Hindi ako nangangailangan ng anuman. Nauupo ako bilang isang reyna.’” At mayaman nga siya. At Kaniyang sinabi, “Hindi mo nalalamang ikaw ay maralita.” Ngayon iyo’y ang buong kapanahunan ng iglesya, ang iglesya! “Sa iglesya ng Laodicea, ikaw ay hubad, bulag, dukha, maralita, at hindi nalalaman ito.” Nakaupo sa kaniyang kayamanan, sampung libung sampung libu-libo, at libu-libong mga kaanib, nasa kaniyang kamay ang kayamanan ng mundo, halos. Pagsama-samahin itong lahat, sa kasalukuyan, kasama ng iglesyang Catolico at mga Protestante, sama-sama, bilang sila’y magsasama-sama, taglay nila ang yaman ng mundo.

<sup>78</sup> Nalugi tayo sa bansang ito, halos. Nanghihiram tayo sa buwis na babayaran sa loob ng apatnapung taon mula ngayon, sinasabi nila sa akin, kaya kanilang sinabi sa *Life Line*. Mga buwis, ginagastos natin ngayon, mababayaran sa loob ng apatnapung taon mula ngayon. Ang aking munting apo, kung magtatagal pa si Jesus, ang mga buwis na kaniyang babayaran kapag apatnapung taong gulang na siya, gumagastos na tayo dito ngayon. Ipinadalang pantulong sa ibayong dagat, at ang ating sariling kababayang mga Indian at mga bagay-bagay na namamatay sa gutom; nagsisikap bumili ng pakikisama. Hindi mo binibili ang pakikisama. Hindi mo binibili ang isang kaibigan. Hindi, ngunit iyon ang ating ginagawa. Ganoong paraan tayo iginagayak, pinapatawan ng buwis ang mga tao sa lahat ng bagay na kanilang matatagpuan, buwis, buwis, buwis. At hindi tayo makakaahon sa digmaan ng utang sa—sa loob ng daan—daang mga taon pa, sa palagay ko, na pinagsadlakan sa atin ng mga pulitiko. At ngayon hindi tayo dapat maging ganoon. Walang dahilan para maging ganoon tayo.

<sup>79</sup> Subalit ang mga iglesya, sa kanilang sarili, ay yumaman. “Halos kasing sa yaman ng mundo,” sinasabi ng Biblia, “nakaimbak sa iglesyang Catoliko.” Iyo’y kung bakit nilayuan siya ng Russia, kung bakit itiniwalag siya ng Russia. Iyon ang pinaka-ugat ng komunismo, sapagkat tinuruang maging isang mahalagang bagay ang iglesya, walang nang iba pa mundo.

<sup>80</sup> Noong naroon kami sa Finland, ang munting batang iyon ay binuhay mula sa patay. Nakatayo doon ang mga sundalong iyon ng Ruso na nakaatensiyon, at kanilang sinabi, “Tatanggapin namin ang isang Diyos na kayang bumuhay nang patay.”



<sup>81</sup> Gumawa tayo ng mga denominasyon, at mga paaralan at— at mga gusali, at nabigong gawin kung ano ang sinabi ni Jesus na ating gagawin, na “Ang ipangaral ang Ebanghelyo.” Sinubukan nating turuan ang mundo. Hindi Niya sinabing, “Turuan ang mundo; siya na naturuan ay maliligtas.” Kailangan mong maipanganak na muli, mapuspos ng Espiritu. Iyon ang dahilan ng ating napakalungkot na kabiguan, saan man. Kita n’yo, nasa atin ang kayamanan, nasa atin ang bagay na iyon.

<sup>82</sup> Ngayon ano’ng mangyayari? At kapag ang iglesyang ito, ang Konseho ng mga Iglesya ng Mundo, ay magsama-sama, hindi ba ninyo nakikita kung sino ang mangunguna? Kayong mga Metodista at mga Presbyterian hindi ba ninyo nauunawaan iyon, ang lahat sa inyo, maging sa mga Pentecostal? Sinasabi ninyong hindi kayo sasali. Alinman sa hindi kayo sasali o pasasabugin ninyo ang denominasyon. Gagawin ninyo ang isa o ang iba pa. Ito’y mismo sa harapan ninyo. Kailangan ninyong gawin ito. Ito’y isang puwersahan, ang tatak ng halimaw. At iyo’y kung ano ito, tamang—tama. Ang denominasyonismo ang talagang (mapatutunayan ko ito sa pamamagitan ng Biblia) tatak ng halimaw. “Isa siyang patotot; mayroon siyang mga patotot na anak na babae.” At alam natin na iyon ang Katotohanan. Ang itinatag na relihiyon, ito’y taliwas sa Salita, at ito’y anti-cristo sa panuntunan nito. Hindi lahat ng nasa loob ay anti-cristo; subalit ang panuntunan nito, ang sistemang nito ay anti-cristo, sapagkat ito’y laban sa Salita ng Diyos. Bawat itinatag na sistema ay ganoon.

<sup>83</sup> Hayan na kayo, kita n’yo, at nananalig kayo sa ibang sariling kauna- . . . kanilang kaunawaan, sa halip na manalig sa kaunawaan ng Diyos, sa kung ano ang sinabi Diyos tungkol dito. Iyo’y ang dahilan kaya ito’y mali. Umaalis ang mga kabataang lalaki sa mga seminariyo na mayroong mahusay na karunungan, umaalis sa mga paaralang ito ng Biblia, naturingan. At marahil mayroon silang—silang tawag ng Diyos sa kanilang puso. At lumalabas sila roon at masyado silang napaniwala sa isang pananaw, na, “Sinabi ito ni *Ganito-at- ganoon*, ni *Ganito-at-ganoong* Obispo. Sinabi ito ng isang *ito*. Sinabi ito ng isang *iyon*. Sumangayon ang sanggunian ng tao, dapat sa *ganitong* paraan ito.”

<sup>84</sup> Huwag pansinin kung ano man ang sinasabi ng iba! Sinabi ni Jesus, “Hayaan na maging kasinungalingan ang salita ng bawat tao, at ang sa Akin ang Katotohanan. Kahit kanino pa ito, ang sa Akin ang Katotohanan!”

<sup>85</sup> Ngayon papaano natin malalaman kung ano ang Katotohanan? Kapag ipanapahayag ng Biblia na may mangyayaring bagay, magaganap ang bagay na iyon, at mangyayari sa ganoong paraan.

<sup>86</sup> Ngayon, sinabi ng Biblia, “Taglay niya ang—ang yaman ng mundo; ginto, pilak.”

<sup>87</sup> Ngayon kung tayo’y nasa kalagayan ng pamantayang ginto, at tayo ay salat, ngayon ano ang mangyayari? Ano nga ang mangyayari? Alam ninyo, ang mayayamang tao ng bansang ito, itong mga malalaking mga pabrika, at mga gumagawa ng whisky gumagawa ng sigarilyo, at iba pang tulad niyan, ay hindi tatayo para baguhin ang halaga ng pera, kaya ang tanging bagay na ating magagawa ay hiramín ito. At may isang dako lamang na maari nating mahiram ito. At kapag ginawa natin, naipagbili na natin ang ating mga karapatan sa pagkapanganay dito. Iya’y tama. Kung gayon ano ang inyong gagawin? Pag-aari na kayo nito, ang sistemang iyon. Wala ka ng magagawa pang iba.

<sup>88</sup> Oh, mga tao, huwag isiping ako . . . Maaaring isipin ninyong baliw ako. Subalit kapag pinatahimik na ng kamatayan ang aking tinig, mananatiling gagana ang mga teyp na ito, at makikilala ninyo na mangyayari kung ano ang aking sinabi. Magiging isa akong pinaka-walang silbing tao na manindigan sa aking kinalalagyan, kahit laban sa bagay na ito, ako—ako ay magiging—magiging laban ako sa Diyos, magiging laban ako sa lahat na para sa Diyos, kung ako (kung nagkaroon ako) ay mali sa aking kaisipan at sa aking katawagan. Magiging laban sa Diyos ang bagay na ito. Ngunit nanindigan ako sapagkat nakita ko ito rito sa Salita. Ito’y Salita ng Diyos. Pagkatapos nakita kong pinagtibay ito, pinatunayan na ito ang Katotohanan. Iyo ang pagpapaliwanag na ibinibigay ng Diyos sa Kaniyang Salita. Ang sariling pagpapaliwanag ng Diyos sa Kaniyang Salita ay kung paano Niya Ito binindika at ginagawang tama Ito.

<sup>89</sup> Bakit bulag itong mga Fariseo? Anong ang bumulag sa kanila ng lubos? sapagkat hindi nila tanggap ang kapahayagan o ang pagtitibay ng Salita.

<sup>90</sup> At iyan ang dahilan sa araw na ito kaya bulag itong mga iglesya, sapagkat ayaw nilang tanggapin ang kapahayagan na pinagtibay. Kung sinasabi ng Salita na gayon, at ito’y nahayag, at pagkatapos ito’y pinatunayan, hindi pa rin nila Ito tatanggapin.

<sup>91</sup> Iyan ang dahilan kaya itong mga Hudyo, ang mga Hudyo hanggang sa araw na ito, ay hindi makatanggap. Hindi kayo maaaring makipag-usap sa kanila tungkol kay Cristo, sapagkat ang lambong ay nananatiling nakatakip sa kanilang mukha, binulag.

<sup>92</sup> At ang iglesya, hindi kayo maaaring makipag-usap sa kanila tungkol sa buong Ebanghelyo at ang kapangyarihan ng Diyos, sapagkat binulag sila ng diyos ng sanlibutang ito sa mga katotohanan ng Diyos, at nananalig sila sa kanilang sariling kaunawaan. Kapag pumasok ang kababaihan sa simbahan at nagpapatul ng kanilang buhok, dahil sinasabihan sila ng

pastor, “Oh, ayos lang iyan. Baliw ang taong iyon.” Subalit sinabi ng Biblia na nakagawa siya ng pagkakamali kapag ginagawa niya ito, at tinatanggihan ng Diyos na sagutin ang kaniyang panalangin. At ilan sa kanilang mga kababaihan ay gumagawa ng panibagong kahihyan, nagsisikap na maging isang mangangaral, kung gayon nakagawa siya ng dalawang pagkakamali. Sinabi ng Biblia na hindi niya dapat gawin iyon, alin man dito. Subalit tatanggapin ito ng organisasyong iglesya, at oordinahan siya at pahayuin siya, Sila’y nananalig sa kanilang sariling kaunawaan!

<sup>93</sup> Isang Salita ng Diyos na mailagay sa maling dako, o mapagkamalan, o hindi Ito tinanggap, wawasakin nito ang buong Tanikala. “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”

<sup>94</sup> Bakit ba, mga kababaihan, naririnig ninyo akong nangangaral ng laban sa ganitong mga bagay, ng pagsusuot nga mga syorts, at mga pinta, at—at mga ayos ng buhok nitong pinaikling buhok, at lahat ng ganoong uring bagay, at pagkatapos bawat taon kapag bumabaik ako nananatili pa rin kayo sa ganoong kalagayan? Sapagkat kayo’y nananalig sa iyong sariling kaunawaan sa halip na Salita ng Panginoon.

<sup>95</sup> At, mga pastor, bakit hindi ninyo linisin ang inyong simbahan? Sapagkat kayo’y pumupunta sa inyong makadenominasyong kredito sa halip na Salita ng Panginoon. Iyo’y tama. Huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Mabuti, huwag manalig sa iyong sariling kaunawaan, kundi sa Salita ng Panginoon.

<sup>96</sup> Hindi nila tatanggapin ito, sapagkat ayaw nilang tanggapin ang pagtitibay. Dumating si Jesus na may isang—isang Ebangelyo, na tamang-tama sa Kaniyang sinabing darating Siya. Kahit maraming ulit . . .

<sup>97</sup> May kaunting kalituhan si Juan nang itinapon siya sa kulungan, at siya-bumaba siya roon . . . At ipinangaral niya na may “Darating na Mesiyas, Na may kalaykay sa Kaniyang kamay; lilininis Niyang lubusan ang Kaniyang gikan, at susunugin ang dayami ng apoy na hindi mapapatay, at titipunin ang trigo sa bangan.” Ang Espiritu nang Diyos na naghahatid, bumubulwak mula sa Kaniya tulad ng isang—tulad ng isang bukal. At pagkatapos nang makita niya si Jesus na lumantad, ang maliit, maamo, may kababaang uring Tao na itinutulak sa paligid, tumatakbo dito, para sa Kaniyang buhay, at sa gawi roon. Bakit, hindi nila . . .

<sup>98</sup> Hindi maunawaan ito ni Juan, kaya isinugo niya ang ilan sa kaniyang mga alagad upang malaman mula kay Jesus kung Siya na nga ba talaga ang isang Iyon. Anong kahihyan kay Jesus! Pagkatapos tumayo ng propetang iyon doon sa tubig, na may Salita ng Diyos, sinabi, “Kilala ko Siya, sapagkat nakita

ko ang—ang Espiritu Santo, tulad ng isang kalapati, bumababa ang Diyos mula sa Langit tulad ng isang kalapati at papunta sa Kaniya, at nakarinig ako ng isang Tinig mula sa Langit, na nagsasabing, ‘Ito ang sinisinta Kong Anak;’” at pagkatapos sinabi ni Juan, “Humayo at tanungin Siya kung Siya talaga ang Isang iyon, o—o—o, ‘Maghihintay pa ba tayo ng iba?’”

<sup>99</sup> Ngayon hindi kailanman siya pinadalhan ni Jesus ng isang aklat para kung paano kumilos nang wasto sa kulungan, o kung anong iglesya ang dapat niyang inaniban. Subalit Kaniyang sinabi, “Manatili ng ilang sandali at masdan kung ano ang mangyayari, at pagkatapos humayo at ipakita kay Juan ang mga bagay na iyong nakita at nangyari,” sapagkat ang Kaniyang mga gawa na Kaniyang ginawa ang nagpapatotoo na Siya ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos. “Mapalad siya na hindi matisod sa Akin.”

<sup>100</sup> Napakarami ang natisod. Napakaraming tao ang madaling masaktan ang damdamin sa Salita ng Diyos. Ito—ito’y kabaligtaran, nais nilang manalig sa kanilang sariling kaunawaan. Ayaw nilang manghawakan sa Salita ng Panginoon. At humahayo na lang sila sa paraan ng—ng pagkakaturong sa kanila na humayo. At sa paraan ng pagkakaturong sa kanila, dito nananalig ang kanilang simbahan. Kahit na nangako ang Diyos na Siya ay—na Siya ay magpapaulan, uulan sa umaga, at sinabi ng simbahan na “iya’y kalokohan,” paniniwalaan nila ang simbahan sa halip na Diyos. Sapagkat bakit? Ipinanganak sila ng simbahan.

<sup>101</sup> Subalit ang isang tao na ipinanganak ng Diyos, ay sa binhi ng Diyos. At ang binhi ng Diyos ay ang Salita ng Diyos, at Doon lang siya namumuhay. Iyo ang kaniyang Buhay.

<sup>102</sup> Ngayon, nanalig sila sa kanilang sariling kaunawaan, ngunit ayaw nilang manalig sa Salita ng Diyos. Mas nakakaalam sila ng mabuti. Nasa Kasulatan ito. Tinatawag nila itong isang “masamang espiritu,” ang Lalaking iyon. Bakit kaya? Sinabi nang kanilang saserdote, “Sinuman ang magnais na makinig sa pangangaral ng Lalaking ito, sila’y ititiwalag sa sinagoga.”

<sup>103</sup> Nang pinagaling ang isang lalaki na minsan ay bulag ang binigyan ng paningin, sa pamamagitan ni Jesus. Maging ang kaniyang mga magulang, ay tuwang-tuwa dahil sa pagpapagaling, subalit natatakot sila na ipagtapat na si Jesus ang gumawa niyon. Siyanga.

Kaniyang sinabi—kaniyang sinabi, “Anak mo ba ito?”

Sinabi, “Oo.”

Sinabi, “Sinong nagpapaling sa kaniya?”

<sup>104</sup> Sinabi, “Ako—hindi ko alam.” Sinabi, “Nasa hustong gulang na siya, tanungin mo siya. Siya, makapagsalita siya sa kaniyang sarili.”

<sup>105</sup> Sapagkat, sinabi ito, na, “Sinuman na manalig sa Kaniya, sa kaunawaan ni Cristo,” sa halip ng kanilang kaunawaan, “ay ititiwalag sa kanilang simbahan.” Ngayon hindi ba iyon ay pareho lang? Tinatanong ko kayo na isang blankong tanong. [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Iyo’y tama. Ito’y naglabas ng iisang bagay. Kahit ano pang gawin ng Diyos, kailangang maging sang-ayon ito sa kanilang kaunawaan, hindi sa kung ano ang pinagtitibay ng Diyos na siyang Katotohanan. Ngayon, at may sagot ang taong iyon, gayunpaman.

Kaniyang sinabi, “Sinong nagpagaling sa iyo?”

Kaniyang sinabi, Ang Isang tinatawag na Jesus ng Nazaret.”

Sinabi, “Isa Siyang makasalanan. Hindi namin alam kung saan Siya nanggaling.”

<sup>106</sup> Kaniyang sinabi, “Ngayon iya’y isang kakaibang bagay. Kayo’y dapat ang siyang mga pinuno sa mga oras na ito. At narito ang isang tao na nagpadilat ng aking mga mata, na hindi pa nangyari buhat ng mag-umpisa ang mundo, at ngayon sasabihin ninyong hindi ninyo alam kung saan Siya nanggaling.” Oh, naku!

<sup>107</sup> Bakit? Nananalig sila sa kanilang sariling kaunawaan sa halip na Salita ng Panginoon. Sapagkat sinabi ni Isaias, “Makakakita ang bulag, makalulukso ang pilay tulad ng isang lalaking usa, mangabubuksan ang mga disyerto sa tuwa.” Subalit kita n’yo nanalig sila sa kanilang sariling kaunawaan, hindi sa Salita; ang kanilang sariling sistema ang kanilang pinairal.

<sup>108</sup> Ngayon pansinin ang mga simbahan sa araw na ito ay gumagawa ng gayong bagay. Bumuo sila ng isang malaki at napakahusay na lahi ng kaunawaan, sa kanilang makadenominasyong mga sistema. Na, mayroon silang isang napakahusay na kaunawaan, hindi nila nais na gumawa ang sinuman ng kalokohan dito, walang sinumang makapapasok malibang kaanib sila sa grupong iyon.

<sup>109</sup> Huwag sabihin sa akin; nakatira ako sa Tucson, Arizona. Pumunta ako roon mga tatlong taon na ang nakararaan, nakipagtagpo ako sa konseho ng mga iglesya, at aking sinabi, “Hindi ako pumarito para mag-umpisa ng isang iglesya. Naparito ako para makipag-fellowship sa inyo. Naparito ako para tulungan kayo. Isa akong misyonaryo, ebanghelista, anumang ang aking gagawin.”

Kanilang sinabi, “Naparito ka ba para mag-umpisa ng isang iglesya?”

<sup>110</sup> Aking sinabi, “Hindi, ginoo. Naparito ako. . .Kung nais ko ng isang iglesya, mag isa ako sa Indiana,” Aking sinabi, “Naparito ako sapagkat dinala ako ng Panginoon dito sa isang

pangitain. Mananatili ako pansumandali ngayon, malibang palayuin Niya ako, subalit hindi ako pumarito para mag-umpisa ng isang iglesya. Pumarito ako upang tulungan kayo mga kapatid.”

<sup>111</sup> Iyo’y mga tatlong taon na ang nakararaan. Hindi pa ako naaanyayahan sa isa mang dako. Bakit? Sapagkat mayroong isang pagtitipun-tipon pagkatapos niyon, at sinabi, kung sinuman ang mag-anyaya sa akin sa kanilang pulpito, ititiwalag nila ang mangangaral na iyon. Kita n’yo? Bakit? Nananalig sa kanilang sariling kaunawaan! Tiyak, iyon ang naturingan, bumubuo sila ng kanilang napakahusay na kaunawaan.

<sup>112</sup> Malibang ilagay mo ang iyong pangalan sa kanilang aklat, ika’y . . . ika’y mapahamak. Isang ministro ang nagsabi sa akin niyan. “Oh,” sasabihin mo, “ilang mga huwad iyon.” Isang Pentecostal ito.

<sup>113</sup> Naupo roon si Jack Moore at ako at nakinig sa kaniya sa Dallas, Texas. Kaniyang sinabi na siya, “Aalisin ang pangalan ng isang tao sa aklat.”

Aking sinabi, “Bakit?”

“Pagkat nakipag-fellowship siya sa iyo.”

Aking sinabi, “Buweno, alisin mo ito.”

Kaniyang sinabi, “Aba, napahamak na siya kung gayon.”

Aking sinabi, “Mapahamak?”

“Aba,” kaniyang sinabi, “kung wala ang kaniyang pangalan dito!”

<sup>114</sup> Aking sinabi, Ibig mong sabihing ika’y isang district presbyter at naniniwala doon?”

Kaniyang sinabi, “Iyon ang katotohanan.”

<sup>115</sup> Aking sinabi, “Ibaba ang telepono, ginoo. Ikaw, ikaw . . . Hindi iyan ang biyaya ng Diyos, na—na, kita n’yo.”

<sup>116</sup> “Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo ay nabautismuhan sa iisang Katawan, at naging mga kaanib ng Katawang iyon.” Hindi mahalaga kung ano mang tatak mayroon kayo, wala iyong kinalaman dito. Isa kang totoong Kristiyano sa kapanganakan, at iyon ang tanging paraan. Iyon ang tanging paraan na kailangan mo; hindi sa pag-anib, hindi sa mga kredo, hindi sa paggising *nito*, o sa pagbigkas *nito*, o anupamang bagay, ni ng edukasyon, ng teolohiya. Ika’y isang Kristiyano nang ika’y ipinanganak na muli, at hindi ka maipanganak na muli libang ika’y nakatalagang ipanganak na muli. “Sapagkat walang taong makalalapit sa Akin malibang palapitin Siya ng Ama, at lahat ng ibinigay ng Aking Ama sa Akin ay lalapit.” Amen. “Ibangon Ko siyang muli sa huling araw.”

117 Itong mga naturingang malalaking paaralan ng Biblia natin, sasabihin nila, ay nananalig sa kanilang sariling pag-aaral. Oh, naku. Sila, kahit ano pa ang sinasabi ng Salita, naipaliliwanag nila ito nang malinaw na malinaw, oh, sa kanilang mga sarili, pinaniniwala ang kanilang mga sarili dito, at sa ang kauri nila ay naniniwala rito, na, “Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na. Walang bagay tulad ng propeta, mga propeta, mga apostol. Walang bagay tulad ng mga kaloob ng pagpapagaling, at iba pa. Nagwakas na itong lahat noon sa mga kaarawan ng Biblia.” Kaya nilang papaniwalain ang kanilang mga sarili roon.

118 Alam ninyo, sinabi ng Biblia, “Maaari mong paniwalaan ang isang kasinungalingan at maipahamak nito.” Kita n’yo, iyon ang talagang Katotohanan. Bumubuo sila, kahit ano pa ang sinasabi ng Salita ng Diyos, nananalig sila sa kanilang kaunawaan. Sila, nananalig sila rito, pinaniniwalaan nila ito, iniisip nilang ito ang Katotohanan. Maaari kang manatiling naniniwala sa isang kasinungalingan, paulit-ulit nang paulit-ulit, hanggang sa ito’y maging Katotohan sa iyo. Iyo’y tama.

119 Subalit paano natin malalaman kung ito’y Katotohanan o hindi? Pinatutunayan ng Diyos na ito’y Katotohanan, ‘pagkat ito’y nasa Kaniyang Salita at pinagtitibay Niya Ito. Siya ang gumagawa ng Kaniyang Sariling pagpapaliwanag Nito.

120 Paano nila ginagawa, makarating dito? Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng kanilang kultura, ng kanilang edukasyon, ng kanilang mga kaunawaan ng—ng titulo ng tulad ng titulo ng dalubhasa, at iba pa, na nanggagaling sila buhat sa ilang seminaryo at pinag-aralan ang mga bagay na ito.

121 Subalit tingnan, mga kaibigan, makinig. Wala saan man sa Biblia na inatasan tayong umunawa. Tayo’y hindi inatasang unawain Ito. Tayo’y inatasang pinaniniwalaan Ito. Pinaniniwalaan Ito sa pamamagitan ng ano? Sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung maunawaan mo Ito, kung gayon pinawawalang-bisa niyan ang pananampalataya. Hindi mo mauunawaan Ito, ngunit pinaniniwalaan mo Ito paano man. Kung kaya kong mauunawaan ang Diyos, hindi ko na dapat sampalatayan ang Diyos. Hindi ko maunawaan ang Diyos. Walang sinumang makauunawa sa Diyos. Hindi ko maunawaan ang Salita ng Diyos, ngunit tinatanggap ko Ito. Sumasampalataya ako Dito. Hindi ako inatasang unawain Ito.

122 Hindi ako, pumasok sa anumang seminaryo at lahat nitong mahuhusay na kaunawaan ng ng tao tungkol Doon. Nalalaman ko lamang na sinasabi ng Biblia Iyon, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” at tinitingnan ko Siya sa ganoon ding kategoriya. Alam kong ipinangako Niya kung ano ang Kaniyang gagawin sa araw na ito, hinihintay kong Kaniyang gagawin ito at ginagawa nga Niya ito. Iyo’y tama. Nangako Siya ng biyaya, umasa ako dito at tinanggap ko ito.

Nangako Siya ng pagpapagaling, sinampalatayanan ko ito at sinang-ayunan ko ito, at tinanggap ko ito.

<sup>123</sup> Ngayon hindi ko nais na kuning masyado ang inyong oras, ngunit nais kong magtanong ng isang bagay kung mapagtitiisan n'yo ako ng sandali, upang kilalanin ang ilan sa mga iyon na hindi nanalig sa kanilang sariling kaunawaan; ilang mga tauhan ng Biblia, para sa ilan lang, na hindi nanalig sa kanilang sariling kaunawaan, kahit na ano pa ang kaunawaan ng kanilang kapanahunan roon.

<sup>124</sup> Kunin natin, halimbawa, si Noe. Namuhay si Noe sa araw ng malakihang pang-agham na pananaliksik. Sa mga kaarawan ni Noe, maaaring itinayo nila ang mga pyramid, na hindi na nila magawang makopyang muli. Ngayon wala tayo nang mga bagay kailangan para magawa ito, walang bubuhat ng mga malalaking bato pataas doon. Hindi nila magagawa, sa araw na ito. Sa kanilang mga kaarawan, mayroon silang isang uri ng kemikal na ihinahalo sa tina at ginagawang mukhang natural ang mga damit hanggang sa araw na ito. Mayroon silang pang-embalsamong likido na nakagagawa ng isang mummy; hindi tayo makagagawa ng isa, sa araw na ito, kahit gagawin man tayo. Tayo'y . . . maraming mga sining na naiwala natin. Ang araw na kaniyang pinamuhayan, sa isang matalinong maka-agham na kapanahunan.

<sup>125</sup> Binanggit ito ni Jesus, na ganoong uri ng kapanahunan ay babalik muli bago Siya bumalik, “Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe.” Ngayon paniniwalaan ninyo iyan, hindi ba? [Ang kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Naniniwala ba kayo na sinabi iyon ni Jesus? [“Amen.”] Naniniwala ba kayong nakabalik na tayo sa kapanahunang iyon? [“Amen.”] Ngayon nasa Aklat ni Lucas iyon, ang ika-17 kabanata at ang ika-29 talata.

<sup>126</sup> Ngayon, sa Lucas 17:30, Kaniyang sinabi, “At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot, noong ang Anghel ng Panginoon . . .”

<sup>127</sup> Ngayon, binabasa Niya ang iisang Bibliang binabasa natin. At nang Siya . . . Magbalik at alamin kung anong uri ng araw ito bago ang ulan ni Noe. Magbalik at alamin kung anong uri ng araw ito bago winakasan ang mundo sa mga kaarawan ni Lot. Alamin kung ano ito, at makikita ninyo kung ano ang tinutukoy ni Jesus.

<sup>128</sup> “Sa mga kaarawan ni Noe, sila'y nagsisikain, nagsisiinom, nangag-aasawa, at pinapag-aasawa; hindi alam ito hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang lahat.”

<sup>129</sup> Sa mga kaarawan ni Lot, bago pa ang mundo ay . . . tinupok ng apoy ang mundo ng Hentil, ang mga Sodomita, may mga binabae, mga kalikuan, bawat bagay sa mundo. Isang tanyag. . . Isa itong makabagong Los Angeles; hindi isang makabagong Los



Angeles lamang, kundi isang Estados Unidos; hindi lang Estados Unidos, kundi isang mundo. Kalikuan talaga ito! Nawala sa tao ang kanilang likas na pinagmumulan ng buhay at ang kanilang mga likas na kaunawaan ng sentido-komun, iniliko ng isang masamang espiritu na bumago sa buong daan ng kanilang likas na buhay, at nilukuban sila ng mga masasamang espiritu. Kung hindi nga iyon ang larawan ng mga kaarawan ni Noe, hindi ko na alam ito, at sa mga kaarawan ni Lot, ang ibig kong sabihin. Sa mga kaarawan ni Noe, gayundin, nagsisikain, nagsisiinom, nangag-aasawa, pinapag-aasawa, nagpupunuang mga hukuman ng diborsiyo, at lahat na, tulad lamang ito noon.

<sup>130</sup> Subalit, alalahanin, bago gunawin ang mundo, isinugo si Abraham sa ibabaw ng lupa at pinangakuan ng isang anak. At nakatagpo ni Abraham ang Diyos sa maraming mga yugto, bilang isang tipo ng iglesya na nakatagpo ang Diyos. Subalit bago pa ang pagwasak at pagbalik ng ipinangakong anak noon pa, o dumating, pala, ipinangako ang anak noon pa, dumating, bumaba ang Diyos at nahayag sa laman sa isang tao, tatlong tao. At pumunta sila kay Lot; lumapit muna kay Abraham, at naupo sila. At si Abraham ay binago ang kaniyang pangalan mula sa Abram naging Abraham; Sarai naging Sara.

<sup>131</sup> At ang Taong ito, ang tagapagsalita, si Elohim, noong bumaba Siya para kausapin siya, anong Kaniyang sinabi? Kaniyang sinabi, “Nasaan ang iyong asawa, si Sara?”

Sinabi, “Nasa tolda siya, sa likuran Mo.”

<sup>132</sup> Sinabi, “Dadalawin kita sang-ayon sa panahon ng buhay.” At tumawa siya sa loob ng tolda, sa likuran Niya. At Kaniyang sinabi, “Bakit tumawa si Sarah?” Kita n’yo? Ngayon dapat sana’y kinuha na Niya ang buhay ni Sarah doon mismo, sa pagtawa sa Kaniyang Salita; subalit hindi Niya magawa iyon, sapagkat bahagi si Sara ni Abraham.

<sup>133</sup> At sa araw na ito, sinabi ni Jesus sa Lucas ika-17 kabanata at ang ika-30 talata, “At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot, ay gayon din naman sa huling panahon kapag ang Anak ng tao. . .

<sup>134</sup> Ngayon alalahanin, “Ang Anak ng tao” ay isang *propeta*. Tinawag ni Jehova si Ezekeil na “isang anak ng tao.” Dumating si Jesus sa tatlong pangalan: Anak ng tao, Anak ni David, Anak ng Diyos. Tinawag Niya ang Kaniyang Sariling “Anak ng tao” upang sa gayon ay maunawaan ng mga tao, sapagkat Siya ang Propetang iyon na palilitawin ng Panginoong Diyos.

<sup>135</sup> Ngayon pansinin, pagkatapos ipinangako Niya ang ano? Ihahayag muli ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili bago mangyari ang panahong iyon, bago ang apoy. At iyon ang huling tanda na nakita ni Abraham bago dumating ang ipinangakong anak; at bumalik siya sa pagiging binata, at si Sarah sa pagiging

dalaga. Noon . . . Ngayon pansinin, sinasabi iyon nang tiyakan ng Kasulatan, ngayon kailangang hanapin natin iyon.

<sup>136</sup> Samakatuwid kung nakikita natin ang mundong nasa kalikuan at ang mga bagay na naririto sa araw na ito, na nagpapatuloy sa pamamaraan nito, kung gayon paano natin masasabing iyo'y tama at huwag sabihing tama ang isang ito? Sapagkat, ang isang tao, kayo'y nananalig sa kanilang kaunawaan at hindi ang kaunawaan ng Prinsipe ng Buhay Na siyang Personang iyon na naroon sa pintuan kasama nila sa Sodoma. Ngayon, napapansin natin, hindi tayo nananalig sa ating sariling kaunawaan.

<sup>137</sup> Hindi nanalig si Noe sa kaniyang kaunawaan. Isa iyong mahusay na maka-aghaw na kapanahunan, subalit hindi siya nanalig sa kaniyang kaunawaan ng kaniyang panahon. Bagkus nanalig siya sa pangako ng Diyos, at pinakilos ng kapangyarihan ng Diyos, at naghanda ng isang daong sa pagliligtas ng kaniyang sambayanan. Kung kailan, wala itong pasubaling salungat ng sentindo komun; walang tubig doon sa itaas, hindi pa kailanman nagkaroon. Subalit alam niya, kung sinabi ng Diyos na magkakaroon, magkakaroon. Kaya hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kumilos siya sa pamamagitan ng pangako ng Salita ng Diyos. Inudyukan siya ng Espiritu, at nagawa niya iyon.

<sup>138</sup> Si Abraham, hindi siya nanalig sa kaniyang kaunawaan tungkol sa buhay ng tao. Pinakasalan niya ang kaniyang asawa noong labimpitong taong gulang siya. Heto't siya ay, pitumput-limang taong gulang, at animnaput-limang taong gulang si Sarah, bale sampung taon ang agwat. Subalit hindi nanalig si Abraham sa kaniyang kaunawaan, noong sinabi ng Diyos na bibigyan Niya siya ng isang anak kay Sarah. Subalit itinuring niya ang alinmang bagay, anumang maka-aghaw na katibayan na salungat sa Salita ng Diyos, anumang pinag-aralan na labas sa Salita ng Diyos, na parang hindi ito ganoon. At binigyan niya ng papuri ang Diyos, malakas, binigyang papuri. Siya. Hindi man lamang niya isinaalang-alang ang pagtingin sa kaniyang sariling katawan o ang pagkabaog ng katawan ni Sarah, o—o ang kaniyang katawan. Hindi niya isinasaalang-alang ang anumang bagay, bagkus nanalig sa pangako ng Diyos. Hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan. Hindi siya nanalig sa mga katuwiran.

<sup>139</sup> “Aba,” sasabihin mo, “Kapatid na Branham, ang dahilan nito na hindi pagagalingin ng Diyos ang maysakit, marami tayong mga mahuhusay na manggagamot.”

<sup>140</sup> Sinabi ng Biblia, “Isinasantabi natin ang mga pangangatuwiran.” Hindi tayo nangangatuwiran. Hindi

nangangatuwiran ang pananampalataya. Naniniwala at tumatanggap ang pananampalataya. Pansinin.

<sup>141</sup> Subalit sumampalataya siya sa halip ng di-paniniwala; at itinuring ang mga bagay, na wala pa, na tila hayag na, na talagang laban sa anumang pangangatuwiran. Subalit hindi siya nangatuwiran. Sinamplasyon lang niya ito. Walang katuwirang makapagpapatunay na ang sanggol na iyon ay maaring ipanganak. Humigit-kumulang mga dalawampung taon nang nahinto ang buwanang regla ng babaing iyon, at ang kaniyang katawan ay tulad lang ng patay na. At noong isang daang taong gulang na siya, mga dalawampu't-limang taon na ang nakararaan, nananatili pa rin siyang nagpupuri sa Diyos, ng laban sa anumang uri ng kaunawaan. Subalit sa pamamagitan ng pananampalataya, alam niyang tutuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita. Hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan.

<sup>142</sup> Ano kaya kung nanalig si Moises sa kaniyang sariling kaunawaan, noong sabihin ng Diyos sa kaniya na ilalabas ng isang si—si Faraon. . . o ang mga anak ng Israel mula sa kamay ni Faraon? Ano kaya kung nanalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan, noong naroon siya sa pamamagitan ng Haliging Apoy, noong sinabi ng Diyos, “Bumaba ka at Ako’y sasaiyo”? Ano kaya kung nanalig siya sa kaniyang kaunawaan noong kaniyang dinala sila sa Mapulang Dagat, at naroon sila sa tubig, at narito ipinangako ng Diyos sa kanila ang lupang pangako? Ano kaya kung nanalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan, “Papaano ako makatatawid doon? Wala na kaming panahon para magtayo pa ang tulay. Heto’t dumarating na ang hukbo malapit sa aming likuran. Naririto ang mga bundok sa magkabilang panig. Naririto ang tubig sa aming harapan, ang Mapulang Dagat?”

<sup>143</sup> Ngayon, kung nanalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan, itataas niya ang kaniyang mga kamay at tatakbo, magpapatirapa sa paanan ni Faraon, sasabihing, “Faraon, patawarin ako, nagkamali ako.”

<sup>144</sup> Subalit hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan. Bagkus nanalangin siya, at sinabihan siya ng Diyos na magpatuloy, at bumuka ang dagat, na laban sa lahat ng mga pangangatuwiran. Datapuwat hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan.

<sup>145</sup> Ano kaya kung si Josue, noong pumunta siya roon kasama ng sampu pang mga denominasyon, at lumakad doon at nakita iyong ipinangakong lupa ng Diyos, at magbalik kasama nila at magsabing, “Ngayon sandali lang. Totoo ito. Mistula tayong mga tipaklong. Mga higante sila. Papaano pa natin sila matatalo? Wala man lang tayong mga espada; kung ano lamang ang ating napulot. Papaano pa tayo makapapasok para kunin ang lupang

iyon? Aba, ito'y napakaimposible. Daig nila tayo sa bilang, limampu ng tao laban sa isa. Mga hasang sundalo sila, tayo'y wala kundi isang langkay na mga pastol lamang at tagatapal ng putik mula sa Ehipto. Paano? Wala man lang tayong kalasag at mga bagay-bagay, papaano kaya natin makukuha iyon?"

<sup>146</sup> Aba, tiyak na mapapatunayan ng kaunawaan na hindi nila magagawa iyon. Sinumang sundalo tulad niya, o si Moises, ay hindi makapananalig sa kanilang sariling kaunawaan. Subalit ang kanilang kaunawaan, hindi nila pinanaligan. Bagkus alam nila na sinabi ng Diyos, "Ipinagkaloob Ko sa inyo ang lupang iyon. Humayo kunin ito!"

<sup>147</sup> Huwag manalig sa inyong sariling kaunawaan. Kung mananalig ka sa iyong sariling kaunawaan sa araw na ito kapag maysakit ka, marahil nakaupo sa isang upuang de gulong, nag-aagaw-buhay sa kancer, karamdaman sa puso, at sinasabi ng manggagamot na ika'y mamamatay, kung nananalig ka sa kaunawaang iyon, ika'y mamamatay. Subalit huwag manalig sa kaunawaang iyon. Huwag talaga.

<sup>148</sup> Ano naman kaya sa mga pader ng Jericho, na sinasabi nilang puwedeng pagdausan ng isang karera ng karuwahe sa palibot ng itaas ito, itong matatag at naglalakihang mga pader? Sinabi ng Diyos, "Pumaroon kayo roon at lumibot dito ng maraming beses, at patunugin ang trumpeta at sumigaw kayong lahat, at babagsak ang pader." Buweno, iyon ay siguradong walang silbi sa karnal na pag-iisip. Subalit si Josue, nalalaman niya kung gaano kakapal ang mga pader na iyon, pagkat nakapagtayo na siya ng maraming pader doon sa Egipto. Alam niya ang semento na naroon sa kanila, kung gaano katibay sila, para makayanan ang mga kaura ng karuwahe sa ituktok nito, at maging ang mga bahay ay maaring itayo sa ibabaw noon. Subalit hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan. Naniwala siya na kung ano ang sinabi ng Diyos ay siyang katotohanan, at sinunod ang Kaniyang Salita, at bumagsak ang mga pader. Hindi nananalig sa kaniyang sariling kaunawaan.

<sup>149</sup> Ano kaya kung nakikipaglaban siya sa digmaang iyon, at, tulad ng ipinangangaral ko noong Linggo, at palubog na ang araw doon, makatakas na ang kaaway. Sa gaging iyon magsasama-sama sila makapagbuo ng panibagong puwersa, upang patayin ang marami sa kaniyang mga kasamahan. Ngayon ano kay kung sinabi niya, "Kailangan ko ng kaunting liwanag. Kailangang magkaroon ako ng dagdag na liwanag ng araw. Aba, ngayon sandali lang. Ang Diyos ang nag-aayos ng ganitong batas, at umiikot ang araw kaya umiinog ang mundo. Ngayon tingnan natin, kung sasabihin ko sa araw na huminto. . . Marahil kung hihinto ang mundo ngayon, kung gayon mawawala ito sa kaniyang grabitasyon, ako'y babagsak"?"

<sup>150</sup> Hindi siya nakinig sa kaniyang kaunawaan. Ang tanging bagay na kaniyang sinabi, ay, “Araw, huminto ka; at, buwan, manatili ka sa iyong kinalalagyan,” at sumunod iyon sa kaniya. Hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan. Kundi nanalig siya sa pangako ng Diyos, “Ipinagkaloob ko sa inyo ang lupaing iyon; humayo at kunin ito.”

<sup>151</sup> Ipinagkaloob Niya sa inyo ang pangako ng Banal na Espiritu. Matatanggap ninyo Ito sa kombensiyong ito. Matatanggap ninyo Ito ngayon.

<sup>152</sup> Huwag manalig sa, “Alam ninyo, ako’y pagod na. Sinabi ko sa inyo, ng naparami ang kinain kong hapunan. Ako—ako—nalungkot ako kay John makita akong ginagawa ito.” Oh, para sa kapakanan ng kabutihan! Ika’y nananalig sa iyong sariling kaunawaan.

<sup>153</sup> “Ang pangako ay para sa inyo, at sa mga anak ng inyong mga anak, sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tatawagin ng ating Panginoon nating Diyos.”

<sup>154</sup> “Sinabi ng manggagamot na ako’y mamamatay. Sinuri niya ako, at sinabing mayroon akong ganitong kanser, mayroon ako *nito*, o anuman ito. Kailangang mamamatay ako.” Huwag manalig sa kaunawaang iyon. Ang Diyos ay ang Panginoon mong Diyos Na nagpapagalang ng lahat ng iyong mga karamdaman. Kaya huwag manalig sa kaunawaang iyon, walang kaunawaan ng tao. Manalig sa kaunawaan ng Diyos.

<sup>155</sup> Ano kaya kay Samson, doon sa parang, noong ang mga Filisteo, isang libong tao ang lumusob sa kaniya? At nakatayo siya doon, isang munting aba, mala-hipong kulot na buhok yumuko, nasa *ganito* kataas. Hindi siya; buweno, hindi siya isang mahusay sa espada, ’pagkat hindi siya marunong; wala siyang pagsasanay, pangkawal na pagsasanay. Isa lamang siyang munting matandang kulot ang buhok na parang binabae, na, may pitong tirentas na nakalugay, mama’s boy, nakatayo roon sa labas, at narito dumarating ang isang libong Filisteo. Aba, wala man lang siyang sa labas hawak sa kaniyang kamay. Yumuko siya, at nakita niya ang isang luma’t kupas, na puting butong panga ng isang mola, at dinampot niya iyon.

<sup>156</sup> Ngayon sinabi, “Tingnan natin ngayon, wala akong masyadong magagawa *rito*, sapagkat ang kanilang mga salakot sa kanilang ulo ay . . . Ang mga Filisteo na iyon, lahat silang mga sundalo, may mga sibat silang lahat. Lahat sila’y may mga baluti. At tumitimbang ng mga labinlimang libra ang bawat isa ng kanilang mga salakot, mahuhusay at malalaking mga tao, handang-handa. Buweno, kung tatamaan ko lang ng luma’t marupok na butong pangang ito ng mola, ang isa sa kanilang mga salakot, aba, magkapira-piraso ito. Ganoon nga ba ito”?

<sup>157</sup> Hindi siya nanalig sa kaniyang kaunawaan. Ginamit lamang niya kung ano ang nasa kaniyang kamay, at inumpisahang

hatawin ang mga Filisteo. At pagkatapos niyang mapabagsak ang isang libo sa kanila, nasa kaniya pa ring kamay ang butong panga. Amen.

<sup>158</sup> Hindi mahalaga sa akin kung ano man ang sinasabi ng teolohiya ng tao, huwag manalig doon. Manalig sa Salita ng Diyos, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Tiyak, pinaniwalaan niya ito.

<sup>159</sup> Ano kaya kung nakinig si David kay Sams—. . . sa teolohiya ni Saul? Naroo’t nakatayo si Goliath doon taglay ang kaniyang kayabangan, at nangatakot ang lahat; si Saul, na may mataas na ulo at balik at sa buong hukbo. Sinabi ni Goliath, “Lumabas ang sinuman at labanan ako. Hindi na kailangan pang—pang mamatay tayong lahat. Kung mapapatay kita, kung gayon maglilingkod kayong lahat sa amin. At kung mapapatay mo ako, aba, kami’y maglilingkod sa inyo,” ’pagkat nakalalamang siya sa kaniya. Ganiyan ang paraan na gustong gawin ng diyablo, kapag ang kaniyang buong seminaryo ay lumabas, at lahat sa kanila, doon lang siya sasama, kita n’yo.

<sup>160</sup> Ang munting si David palibot-libot doon, nadaramtan ng isang balat ng tupa; mamula-mula, hukot-ang balik, isang maliliit na lalaki na mga nasa isandaang libra, isandaan at sampu. Kaniyang sinabi, “Ibig mo bang sabihin sa akin na ang mga hukbo ng buhay na Diyos, na may tipan ng pagtutuli, ay tatayo roon at hahayaang hamunin ng di-tuling Filisteong iyon ang hukbo ng buhay na Diyos?”

<sup>161</sup> Sinabi ni Saul, “Halika rito, bata.” Kaniyang sinabi, “Hinahangaan ko ang iyong katapangan, subalit lumipas na ang mga araw ng mga himala. Wala na tayong ganiyang bagay gaya niyan, kita n’yo. At hayaang may sabihin ako sa iyo, anong fellowship card ang maipapakita mo, kita n’yo? Wala ka man lang kahit isang sandata. Wala ka man lang hawak kundi isang tirador sa iyong kamay. Kita n’yo? Wala kang Ph.D. o LL.D. Paano mo gagawin ito? Aba, isang mandirigma ang taong iyon. Aba, siya’y—siya’y isang D.D., may dobleng L, Ph. D., LL.Q. Aba, napakarami niyang mga titulo, kaya niyang tapalan ang isang dingding sa pamamagitan ng mga yaon. At sino ka? Isang pastol.”

<sup>162</sup> Kaniyang sinabi, “Subalit nais kong sabihin sa iyo ang isang bagay.” Kaniyang sinabi, “Alam mo kung ano?” Sinabi, “Pinapastol ko ang mga tupa ng aking ama sa dako roon, at,” sinabi, “lumusob ang isang leon at sinakmal ang isa sa kanila, at tumakbong palayo. At alam mo, kinuha ko ang maliit na tirador na ito at hinabol siya, at pinabagsak siya. Kinuha ko ang—ang tupa sa kaniyang bibig, at bumangon siyang lalaban sa akin nang gawin ko iyon. Hinugot ko lang ang lanseta at pinatay siya.” Sinabi, “Pumunta ako sa likuran. At narito lumalapit ang isang oso, dahil sa tupang iyon, at sinakmal siya at tumakbo palayo.

Tinirador ko rin, siya.” Kaniyang sinabi, “Ngayon ang Diyos. . . Hindi ang aking Ph.D., hindi ang aking sariling kaunawaan. Hindi ko masasabi sa iyo kung paano ko ginagawa ito. Hindi ko alam kung paano ko ito ginawa. Subalit ang Diyos,” amen, “ang Diyos na nagligtas sa akin mula sa kuko ng oso at ng leon, gaano pa kaya Niya akong higit na ililigtas mula sa mga kamay ng dituling Filisteong ito!”

<sup>163</sup> Ang obispo, si Saul, nagsabi, “Alam mo, naniniwala akong may gawain ka, bata. Sasabihin ko sa iyo, kung paparito ka, tuturuan kita kung paano makipag-duwelo, kita n’yo. At sasabihin ko sa iyo, ako’y—ako’y dalubhasa, kaya isuot mo ang akting baluti. Gusto kong bihisan ka.” Tumayo si David doon, at binigyan siya ng isang Ph. D., isang LL. D., at lahat ng iyon, at— at ang kawawang maliit na tao ay hindi man lang makakilos. Hindi niya alam kung paano.

<sup>164</sup> Kaniyang sinabi, “Hindi ko subukan ito. Hindi akma sa akin ang pang-iglesyang tsalekong iyan. Tanggapin mo ang bagay na ito. Hayaang pupunta ako sa kung ano ang itinulong na sa akin ng Diyos.” Pananampalataya iyon sa kapangyarihan ng Diyos. At siya—hindi siya nanalig sa kung ano ang sinabi ng iba. Nanalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan. Hindi siya nanalig sa pananamplataya. Sapagkat, alam niya na kung iniligtas siya ng Diyos mula sa kuko ng oso, gaano pa kaya siya higit na ililigtas ng Diyos mula sa Filisteong iyon!

<sup>165</sup> Buweno, kung minahal kayo nang husto ng Diyos upang maitaas kayo mula sa kasalanan at para mapuspos kayo ng Banal na Espiritu, anong nangyayari sa inyo mga kawawa’t walang gulugod na mahihinang loob na mga tao sa palibot ng bansa, hindi ba’t higit Niya kayong ililigtas mula sa inyong pagdadalamhati gayong ipinangako Niyang gagawin Niya ito? Ganoon ang sinabi ng Salita ng Diyos. Gagawin Niya ito. Tiyak, iniligtas Niya siya mula sa kamay.

<sup>166</sup> Oh, bawa’t isa sa mga propeta, ano kaya kung nanalig sila sa kanilang sariling kaunawaan sa kanilang kapanahunan? Hindi sana sila humarap sa mga pari at mga punong saserdoteng iyon, at tumawag sa kanilang “pinutiang mga dingding” at lahat na. Hindi sana sila nanghula nang taliwas sa kanila. Napatulad sana sila sa ilan sa kanilang mga makabagong propeta, na sumang-ayon, nag-suot ng magagarang mga damit, at nakarating sa mga palasyo ng mga hari.

<sup>167</sup> Ano kaya kung sinubukang manalig ni Juan sa kaniyang sariling kaunawaan? Subalit pumaroon siya mismo.

<sup>168</sup> Kanilang sinabi, “Ngayon, sandali lang Juan, huwag kang mangangaral sa *Kasal At Diborsiyo*.”

<sup>169</sup> Humarap siya kay Herodes. . . ? . . . at kaniyang sinabi, “Ito’y hindi makatarungan para sa iyo na angkinin siya.” Oo, ginoo.

Sasabihin, “Buveno, kilala mo ba kung sino iyon? Iyo’y ang prok- . . .”

“Hindi mahalaga sa akin kung sino man ito.” Hindi siya nanalig.

<sup>170</sup> Sinabi, “Ngayon alam mo wala kang masyadong alam. Ika’y naririto sa ilang na ito. Hindi ka tatanggapin ng samahan, kung kikilos ka ng tulad niyan.” Hindi mahalaga sa kaniya ang alinmang samahan. Hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan, kundi sa kaunawaan ng Diyos. Tiyak.

<sup>171</sup> May isang lalaki na nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan, at Judas Iscariote ang kaniyang pangalan. Oh, siya. . . Ako—hindi ko makita kung paano niya nagawa iyon. Lumakad siya ng mukhaan kasama ni Cristo, tulad din ng ginawa ni Eva sa pasimula. Nakita niya ang pagtitibay, nakita niya ang Diyos nang mukhaan, tulad ng ginawa ni Eva sa lamig ng gabi. Tumingin si Eva kay Cristo, sa lamig ng gabi, sa halamanan. At naupo si Judas sa lamig ng gabi, sa hardin ng Gethsemane at sa maraming dako, at tumingin sa gayunding Cristo; narinig niya Siyang nagturo, pinatunayan ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng Salita, pinagtitibay na propeta na ipinangusap ni Moises na lilitaw. At sinabi nila sa Kasulatan kung Sino Siya, at lahat ng tungkol dito. Nakita nila itong pinatunayan ng Diyos, na Siya nga, at pagkatapos nanalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan.

<sup>172</sup> Paano niya nagawa ito? Ito ay dahil hindi siya nagkaroon nito dito, sa simula pa lang. Hindi siya isang punla na binhi. Anak siya ng kapahamakan, ipinanganak mula sa kapahamakan, bumalik sa kapahamakan. Ngayon ating napapansin. Subalit lumabas siya, at marahil mayroon siyang isang kuru-koro ng kaniyang kaunawaan. Marahil inisip niya na si Jesus. . . Sobra ang kaniyang paggalang sa Kaniya, “Ngayon, alam ninyo, maaari ko siyang ipagbili sa tatlumpung pirasong pilak. At kung manggawa ko, ako’y magkakaroon ng pera, at makagagawa ako ng isang bagay sa pamamagitan niyon. At may kakayahan Siyang iligtas ang Kaniyang Sarili.” Kita n’yo, hindi niya nalalaman, sa Kasulatan, na binuhay siya para gampanan ang ganoon ding dako.

<sup>173</sup> At maging ang mga tao sa araw na ito ay hindi napagtanto kung anong kalagayan na ang kanilang kinaroroonan. Itō’y nakatalaga na dito sa iglesyang Laodicea na mapasa ganitong kalagayan, inilalagay si Cristo sa labas. At kumakatok Siya, nagsisikap na makapasok muli, [Kumatok si Kapatid na Branham ng limang ulit sa pulpito—Pat.], walang pakikisama saan man, kung sa bagay. Pinagtitibay ang Kaniyang Salita sa araw ngayon, tulad ng ginagawa Niya sa bawat araw, at lumalakad silang palayo dito. Nananalig sa kanilang sariling kaunawaan, iyon—iyon lang ang mayroon doon.



174 O, marahil, sabihin natin na—na inisip niya. Marahil kung ipinagbili niya si Cristo sa tatlung pirasong pilak, aba, magkakaroon siya ng isang—*isang* pakikisama sa ilan sa mga malalaking denominasyon nang araw na iyon, ang mga Fariseo at mga Saduseo. Kaniyang sasabihin, “Ngayon hintay, kaya Niyang pangalagaan ang Kaniyang Sarili. Nakita ko Siya sa malalaking digmaan; ako—*nalalaman* ko na—na kaya Niyang pangalagaan ang Kaniyang Sarili. Kaya maaari akong kumita ng pera, parang isang—*isang* pagreretiro, gaya ng nakagawian. At pagkatapos, muli, maaari akong magkaroon ng isang mataas na katayuan sa mga iglesyang ito sa araw na ito, kung ipagkakanulo ko Siya sa kanila.” Kita n’yo? Ngunit nanalig siya sa kaniyang sariling kaunawaan, sa halip ng sa kaunawaan na iyon na siyang pinatibay na Salita ng Diyos, at ginawa niya kay Jesus kung ano ang sadyang sinabi ng Kasulatang kaniyang gagawin.

175 At, sa araw na ito, ang mundo ng iglesya ay pinalabas si Cristo sa huling mga araw na ito, katulad na katulad ng sinabi ng Aklat ng Apocalipsis na kanilang gagawin ito. Ito ang espiritu ni Judas muli, sa anyo ng iglesya, “May anyo ng kabanalan, ngunit tinatangihan ang Salita.” Kita n’yo. Iyo’y tama. Ngayon, oh, naku, ano ang kinalabasan nito? Kamatayan, tulad ng ginawa nito kay Eva. At rin ito sa lahat na nagnanais ilihis ang Salita ng Diyos at nananalig sa kanilang sariling kaunawaan. Kahit ngayon ipinagbibili nila, hindi sa tatlung pirasong pilak, kundi marahil magiging, oh, mga matataas na opisyal, ilang karanasan sa seminaryo. Maaaring hindi kasing halaga ng tatlung pirasong pilak, ngunit ipinagbibili pa rin nila ito paano man; ipinagbibili ang kanilang kaunawaan sa Diyos, mula, sa isang bagay na tulad niyon.

176 Ibang-iba sa dakila’t aral na si San Pablo, na mayroon ng lahat ng karunungan puwede niyang ipagyabang. Subalit kaniyang sinabi, “Tinanggihan ko ang buong bagay, ng aking pangangatuwiran, ibinaba. Nakatagpo ko ang isang Haliging Apoy isang araw, sa daan papuntang Damascus.” At kaniyang sinabi, “Hindi ako napariyan sa inyo ng may kahusayan sa pananalita, sapagkat, kung gawin ko iyan, magtitiwala kayo sa karunungan ng tao. Kundi napariyan ako sa inyo sa kapangyarihan at patotoo ng Banal na Espiritu, upang kayo—kayo ay manalig sa Salita ng Diyos.” Amen. Sinabi, “Kung dumating ang isang anghel mula sa Langit, na nangangaral ng anomang ibang bagay, ay matakawil,” Galacia 1:8. Iyo’y tama. Hindi, ginoo. Hindi siya nangaral.

177 Ang munting babae sa balon, imoral siya. Subalit alam niyang itiniwalag siya ng mga iglesya. At, datapuwat hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan. Noong kaniyang makatagpo ang Isang ito sa balon, na nagsabi sa kaniya ng lahat ng mga kasalanang kaniyang ginawa, tumakbo siya papasok sa lungsod. Ngayon hindi ito tama sa isang babae na gawin

iyon, pumasok at magsalita ng anumang bagay, 'pagkat isa siyang patutot. Ngunit nang makatagpo niya si Jesus, hindi siya nanalig sa kaunawaan ng mga tao, sa kanilang mga kaarawan. Dumating siya, sinabi, "Halikayo, tingnan ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa. Hindi ba't ito na ang mismong Mesiyas?" Hindi siya nanalig sa kaniyang kaunawaan. Hindi.

<sup>178</sup> Ang birheng si Maria, noong katagpuin siya ng Anghel na si Gabriel at sabihan siya na magkakaroon siya ng isang sanggol, ng hindi pa nakakikilala ng isang lalaki. Whew! Hindi pa nangyari. Hindi siya nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan, na hindi magkakaroon ng sanggol ang isang babae kung hindi magkakaroon ng isang—isang asawang lalaki. Hindi siya nanalig doon. Kundi kaniyang sinabi, "Narito ang alipin ng Panginoon, mangyari nawa ito sa akin ayon sa Iyong Salita." Hindi niya sinabi, "Paano ko gagawin ito? At kailan ko ito gagawin? At paano ang lahat ang ito mangyayari?"

<sup>179</sup> Sinabi ng Anghel, "Ang Banal na Espiritu ay liliman ka; at ang Banal na Bagay na ipanganganak mo ay tatawaging ang Anak ng Diyos."

<sup>180</sup> Kaniyang sinabi, "Narito ang alipin ng Panginoon." Hindi niya kinatigan ang kaniyang katuwiran, na sabihing hindi ito mangyayari. Sinabi niya lamang, "Narito ang alipin ng Panginoon." Iya'y tama, Pansinin.

<sup>181</sup> Ang—ang babae na inaagasan ng dugo, sinabi ng manggagamot sa kaniya, sinabi, "Wala ng pag-asa." Ginugol niya ang lahat ng kaniyang kabuhayan, sa pamamagitan ng mga manggagamot, at wala sa kanilang makatulong sa kaniya. At hindi siya nanalig doon. Noong si Jesus. . . Sumiksik siya sa karamihan, at kaniyang sinabi, "Naniniwala ako kung mahipo ko lang ang damit ng Lalaking iyon, ako'y gagaling." Pumaroon siya.

<sup>182</sup> "Ngayon hintay, sabi ng manggagamot, 'Hindi ka gagaling.'" Mayroon na siya nitong pag-agas ng dugo sa napakatagal ng mga taon. Pahina siya nang pahina tuwina, at lumalala. Sumuko na sa kaniya ang mga manggagamot. Hanggang doon lang ang kanilang taglay na kaunawaan.

<sup>183</sup> Subalit kaniyang sinabi, sa pamamagitan ng pananampalataya! Walang Kasulatan na nagsasabi sa kaniyang gawin iyon. Datapuwat kaniyang sinabi, "Kung mahihipo ko lang ang laylayan ng Kaniyang damit, ako'y gagaling," at nakipagsiksikan siya at hinipo Siya. Lumakad siyang pabalik, umupo.

<sup>184</sup> At nagpalinga-linga sa paligid si Jesus at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?" Hinanap Niya sa paligid hanggang sa matagpuan Niya siya. Sinabi Niya sa kaniya ang tungkol sa pag-agas ng kaniyang dugo.

<sup>185</sup> At naramdaman niya sa sandaling iyon, sa kaniyang sariling katawan. Hindi niya mapatunayan ito noon, ngunit naramdaman niya sa kaniyang sariling katawan na naampat ang pag-agas ng kaniyang dugo. Hindi siya nangatuwiran, “Kung tinanggihan na siya ng mangagamot, papaano pang matutulungan ng alin mang bagay?” Hindi siya nangatuwiran, kundi pumaroon siyang nanampalataya.

<sup>186</sup> Ngayon sinabi ng Biblia, “Na Siya Iyong Dakilang Saserdote, sa araw na ito, na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan.” Tama ba iyon? [Nagsabi ang kongregasyon ng, “Amen.”—Pat.] Huwag mangatuwiran, sabihing, oh, iya’y... Kaniyang sinabi, “Sa araw na ito Siya iyon. Siya ang Dakilang Saserdote sa ngayon na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan. Ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman!”

<sup>187</sup> Ano sa palagay ninyo noong naroroon ako bilang isang Baptist na mangangaral, at ang Anghel ng Panginoon na iyon ay kinatagpo ako roon at inatasan akong gawin itong aking ginagawa? Aba, sinabi ng aking pastor, “Nabaliw ka na. Aba, binangungot ka, ikaw.”

Aking sinabi “Mas mabuti pang kunin mo ang aking fellowship card ngayon din.”

<sup>188</sup> Ngayon, kaniyang sinabi, “Papaano ka, nang wala man lang pinag-aralan kahit sa pampublikong paaralan para sa mga bata, makapangangaral sa buong mundo? Papaano ka makapananalangin man lang sa mga hari at mga pinuno, at ikaw—ikaw—hindi mo man lang magamit ang iyong balarila nang tama?”

<sup>189</sup> Hindi ako nagtitiwala sa aking balarila. Hindi ako nagtitiwala sa anumang kakayahang taglay. Inatasan ako. Aleluya! At hindi ako nangangatuwiran. At kung halimbawang nakinig ako sa mga katuwiran, mayroon sigurong libo-libong mga taong namatay, maraming taon na ang nakararaan. Ngunit dinala ko ang isang Mensahe ng katulad na katulad ng Kaniyang sinabi, sa paligid at buong mundo.

<sup>190</sup> At ako’y hahayong muli, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos; hindi ng mga katuwiran, kundi dahil sa isang komisyon. Alleluya. Hindi ako nanalig. . . Sasabihin mo, “Ika’y limamputlimang taong gulang na.” Kung ako may siyamnapu’t-lima, walang kinalaman iyon. Siya ay nanatiling iisang Diyos na Siyang kasama ni Abraham. Oo, ginoo. Huwag manalig sa inyong sariling mga kaunawaan.

<sup>191</sup> At pagkatapos na lumabas ang tanda, at sumusunod ang Tinig, at nagsimulang tanggihan ako ng mga iglesya at pagsarhan ng kanilang mga pintuan, tungkol sa Doktrina, na walang mangahas sinuman sa kanila na tumayo sa harap ko upang magsabing Ito’y tama o mali. Hinahamon ko sinuman sa kanila. Uh—huh. Hindi sa pagiging matalino, ngunit nalalaman

ko kung nasaan ako nakatayo. Iya'y tama. Ano nga ang kanilang ginawa? Ano nga ang kanilang ginawa? Isinara nila ang bawat pintuan. "Ngayon ano ang inyong gagawin?"

<sup>192</sup> Noong isang araw, sa itaas ng bundok, nakatayo ako roon. Aking sinabi, "Panginoon, may isa pa akong alam na bukas na pintuan sa buong bansa, sa pagkaalam ko, iyo'y sa Phoenix, Arizona. Ang nag-iisang nalaman ko." At nagsimula akong bumaba ng bundok. Kasing linaw tulad ng narinig kong pagsasalita ng sinuman, sinabi, "Ano iyon sa iyo? Sundin mo Ako."...?...Hindi sa aking sariling kaunawaan. Ako'y mananalig sa Kaniyang pangako.

<sup>193</sup> Oh, kaibigan, huwag manalig sa mga katuwiran. Kung gayon sumigaw kayo, kasama ni Eddie Perronet nang una:

Lahat batiin ang kapangyarihan ng 'Ngalan ni  
Jesus!  
Mangagpatirapa ang mga Anghel;  
Ilabas ang bughaw na korona,  
At patungan Siyang Panginoon ng lahat;  
Putungan Siyang Panginoon ng lahat.

<sup>194</sup> Iya'y tama. Huwag manalig sa kung ano ang iyong palagay, kung ano ang palagay ng iba. Sa pamamagitan ng pananampalataya tanggapin ang pangako ng Diyos. Magagawa n'yo ba ito? Ngayon hindi dahil sa ginawa ito ng sinuman, kung hindi nila ginawa ito, subalit ano naman ang sa iyo? Anong gagawin mo sa Jesus na ito na tinawag na Cristo, na ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa araw na ito, katulad ng Kaniyang ginawa noong araw na iyon? Sumasampalataya ba kayo sa Kaniya? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."—Pat.]

Manalangin tayo.

<sup>195</sup> Panginoong Jesus, Hari ng mga hari, Panginoon ng mga panginoon, Diyos ng mga diyos, Diyos ng lahat ng mga pinuno; ang Una, ang Huli; ang Alfa, Omega; ang Pasimula at ang Katapusan; ang Maningning at Tala sa Umaga, ang Rosa ng Saron, Lirio ng Lambak, Ugat at Lahi ni David; pumarito, Panginoong Diyos, ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman!

<sup>196</sup> Pagpalain ang grupong ito ng mga tao, Panginoon. Ito... [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] naghahanda para mag-umpisa bukas. Nagkaroon kami ng munting pagtitipon dito, at pinagpala Mo kami dito. Ipinakilala Mo ang Iyong Sarili sa amin. Ipinapanalangin ko, Diyos, na ipagpatuloy Mong ipaalam ang Iyong Sarili sa amin. Pagpalain kami ngayong gabi. Tulungan kami ngayon. Mga nangangailangang tao kami.

<sup>197</sup> At, Panginoon, nalalaman Mong hindi ko gustong manakit ng tao, subalit papaano ko mapatatahimik ang banal na pag-aalab na iyon? Hindi ko nais gawin iyon, Panginoon. Nalalaman Mo ang aking buhay, ang aking puso. Kailangang gawin ko

ito. At dumadalangin ako, Diyos, na tulongan Mo akong gawin ito. Pagkalooban lang ako ng biyaya, at huwag akong hayaang manalig sa aking sariling kaunawaan, kundi hayaan akong manalig sa Iyong pangako. Sa Ngalan ni Jesus. Amen.

<sup>198</sup> Nais ko kayo, bawat isa, na maging totoong mapitagan sa ilang sandali lang. Sa grupong ito ng mga tao, may maraming lalaki at babae na naka nakaupo dito, walang duda, ang maysakit. Ilan ang maysakit at nagdadalamhati rito, itaas ang iyong mga kamay, sabihin lang, “Nangangailangan ako ng Diyos?” Itaas lang ang inyong kamay ngayon din, “Nangangailangan ako ng Diyos.”

<sup>199</sup> Ngayon, hindi ko nakikilala ang napakaraming mga tao. Nakikilala ko ang tatlong batang lalaking nakaupo dito. Nakikilala ko si G. Dauch at ang kaniyang asawang nakaupo roon. Palagay ko, palagay ko si Sister Moore ito. Hindi ako sigurado. Tama ba iyon, Sister Moore? Maliban diyan, sa palagay ko wala na. Si Kapatid na Mike, at sa entablado. Iyo’y hanggang sa abot, nang nakikita ko, na aking nalalaman.

<sup>200</sup> Datapuwat ang Makalangit na Ama Na nangako, at sa araw na ito Kaniyang pagtitibayin ang Kaniyang Sarili sa kapanahunang ito, katulad na katulad ng ginawa Niya sa Sodoma. Ipinangako ba Niya ito? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ihahayag ang Kaniyang Sarili! Pinaniniwalaan ba ninyo iyon? [“Amen.”]

<sup>201</sup> Ngayon kung mananalangin kayo, at sa pamamagitan ng pananampalataya! Ngayon huwag subukang mangatuwiran, “Paano ko Siya mahihipo bilang isang Dakilang Saserdote?”

<sup>202</sup> Ngayon, sinabi ng Biblia, ang Bagong Tipan, “Siya ang Saserdote ngayon. Ipinagpatuloy Niya ang pagka-Dakilang Saserdote ayon sa hanay ni Melquisedec. Siya ang Dakilang Saserdote mag-pakailanman. Wala nang iba pang Dakilang Saserdote kundi Siya. Walang ibang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, kundi ang Taong si Cristo.” Iyo’y tama. Siya ang tanging Isa, at Siya ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>203</sup> Ngayon kung nananatili Siyang iisang Dakilang Saserdoteng iyon, at sinabi ng Biblia, “Mahihipo natin Siya sa ating mga kahinaan,” tulad ng ginawa ng munting babaing iyon na humipo sa Kaniyang damit, mahihipo Siya ng inyong pananampalataya ngayong gabi at Siya’y kikilos nang ganoon din, sa katawang tao, tulad ng Kaniyang ginawa noong nasa katawang tao Siya doon sa—sa encina ni Abraham. Pinaniniwalaan ba ninyo iyon? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ipinangako Niyang gagawin Niya ito. Ngayon manalangin lamang, sinuman na may pangangailangan. At ako . . .

<sup>204</sup> Ito’y tulad ng aking sinabi, ang isang kaloob ay hindi isang bagay na tulad ng kumuha ka ng isang kutsilyo, at kung nais

mong hiwain *ito* nito, mahihiwa mo *ito*; o hihiwain mo *ito*, maari mong hiwain *ito*, o anumang naisin mo. Iyo'y Hindi ganiyan ang kaloob ng Diyos. Kita n'yo? Hindi.

<sup>205</sup> Ang kaloob ng Diyos ay isang bagay na kinakailangang alisin mo ang iyong sarili sa daan. At ang mga kaloob at mga katawagan ay predestinasyon ng Diyos. “Ang mga kaloob at katawagan ay hindi nagbabago.” Ipinanganak kang taglay *ito*. Ang maliit na empranah na hinihila ng iyong sarili upang pahintuin, ngunit hindi mo matapakan ang pedal. Kita n'yo? Kailangang ang Diyos ang magmaniubra nito. Kailangang alisin mo ang iyong sarili sa daan.

<sup>206</sup> Ang iyong pananampalataya ang makapagpagana nito, hindi ang akin; ang sa inyo. Ang akin ay nag-aalis na lang sa daraanan. Manampalataya kayo ng buong puso ninyo na nabubuhay si Jesus Cristo sa araw na *ito*.

<sup>207</sup> Huwag manalig sa inyong sariling kaunawaan, kayo, “Buweno, ngayon tingnan, ako—ako'y nasa malubhang kalagayan, kapatid. Hindi mo ako kilala Ako'y matagal na sa upuang de gulong na *ito*. Ako'y matagal. . .”

<sup>208</sup> Hindi mahalaga sa akin kung saan ka man nanggaling, at tingnan kung hindi ba't mananaog ang Diyos at gawin ang katulad na katulad ng Kaniyang ginawa noong narito pa Siya sa lupa sa isang pisikal na katawan. Gagawin Niya *ito* sa iyong katawan, sa aking katawan, nang sama-sama bilang isang katawan na sumasampalataya sa Kaniya. Gagawin Niya *ito* sapagkat ipinangako Niyang gagawin Niya *ito*.

<sup>209</sup> Ngayon huwag manalig sa kung ano ang sinasabi ng sinuman, “Oh, iya'y—iya'y pagbabasa ng kaisipan,” iyon ang tawag nila Dito. Sinasabi rin kay Jesus ay ganoong bagay. Sinabi nilang isang manghuhula Siya, “isang diablo.” Ngunit Siya ay Anak Siya ng Diyos, sapagkat sang-ayon Siya sa ipinangakong Salita ng Diyos.

<sup>210</sup> Ngayon, tulad ng sinabi ko, ang ating—ating mga dako, hindi natin kailangang magkaroon niyon, upang umakyat at magpatong ng kamay sa mga tao. Nagpatong na tayo ng kamay sa kanila kagabi. Subalit ang tanging bagay na kailangang magkaroon ka ng pananampalataya, at pagkatapos kilalanin. Sa pamamagitan ng pananampalataya tinatanggap mo *ito*, sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi—hindi sa pamamagitan ng anumang bagay na. . .

Huwag sabihing, “Buweno, ngayon paano *ito* mangyayari?”

<sup>211</sup> Kung masasabi ko sa inyo kung paano *ito* mangyari, kung gayon hindi na *ito* pananampalataya. Hindi ko alam kung paano *ito* mangyari. Hindi ko alam, subalit pinaniniwalaan ko *ito*. Ako—hindi ko alam kung paano—paano inililigtas ng Diyos ang isang makasalan, ngunit ginagawa Niya *ito*. Hindi ko alam kung paano ginagawa ng Diyos ang alinman sa

mga bagay na ito, ngunit tinatanggap ko ito. Siya, ginagawa Niya ito, at ganoon iyon. Sapagkat, hindi ko maipaliwanag ito. Ngayon, buweno, ako. . .Hindi maipaliliwanag kailanman. Walang sinumang makagagawa. Sapagkat, kung magagawa ninyo, kung gayon hindi na ito pananampalataya.

<sup>212</sup> Hindi ko nakikita kung paanong ang Diyos at si Cristo ay iisang Persona, subalit ganoon nga Sila. Sinabi ng Kasulatan. Buweno, hindi ninyo maipapaliwanag ito, subalit iisa Sila. “Nasa Akin ang Aking Ama. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawang ito; ito’y ang Aking Ama na nasa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang Kaniyang mga gawa, kung gayon nagpapakita ito na hindi Ako sa Kaniya. Subalit kung ginagawa Ko ang Kaniyang mga gawa, kung gayon pinatutunayan Niya ng Kaniyang Sarili na Ako ay sa Kaniya.”

<sup>213</sup> Buweno, ito’y ganoon din ngayon, magkatulad na magkatulad. Siya ay tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man, kung sasampalatayanan ninyo.

<sup>214</sup> Ngayon may isang taong nakaupo dito mismo sa harap ko, maitim ang kaniyang buhok. May relo siya sa kaniyang bisig, nakaitim na damit. May salamin siya. Kung titingnan ninyo dito mismo, makikita ninyong nakaupo siya na nakapikit ang kaniyang mga mata, nananalangin. Hindi ko kilala ang lalaking iyon. Batid ng Makalangit na Ama na hindi ko siya kilala. Ngunit titingnan ko lang siya sandali, ’pagkat mukhang masyado siyang matapat, nakaupo doon. Magmula noong banggitin ko, ang pangalan, ipinikit ng lalaki ang kaniyang mga mata at nagsimulang manalangin. Isang estranghero sa akin ang lalaki, iyo’y, sa aking mga kamay. Hindi ko siya kilala. Kilala ng Diyos ang lalaki iyon, at makapaghahayag Siya sa akin. Kung may katotohanan ang pangakong iyon sa Biblia, mapahahayag Niya sa akin kung ano ang dahilan na ipinikit ng kaniyang mga mata, at kung ano ang ipinapanalangin niya. Pinaniniwalaan ba ninyo iyon? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>215</sup> Pinaniniwalaan mo ba ito, ginoo? Kung imumulat mo ang iyong mga mata, ika’y nakaupo dito, tumingin dito. Pinaniniwalaan mo ba iyon? Mabuti. Ngayon alam mong hindi kita kilala. Kapuwa tayo estranghero sa isat-isa. Subalit kilala ka ng Diyos. Ngayon nag-umpisa siyang umiyak, humagulhol. Sapagkat, maaari kong sabihin sa kaniya ngayon na tutugunin ng Diyos ang kaniyang kahilingan, kita n’yo, sapagkat iyon ang tumama sa kaniya nang sandaling iyon, ang Liwanag na iyon; mula sa kadiliman, naging Liwanag. Kita n’yo?

<sup>216</sup> Ngayon, ang lalaki, nananalangin siya para sa isang pang tao, at iyo’y ang batang lalaking ito na nakaupo ritong kasama niya. Iya’y kaniyang anak. Iyo’y tama. Ngayon, naghihirap ng isang—isang sakit sa tiyan ang batang lalaking iyon, at may problema sa kaniyang mga bituka. Iya’y tama. Tama iyan.

217 Ika'y hindi taga-rito. Hindi ka mula sa Arizona. Ika'y taga California. Tama iyan. At ika'y isang ministro, at ang iyong sinasamahan ay sa Assemblies of God. Iyan ay totoo. Rev. Mc Keig ang iyong pangalan, o, Rev. Keig, iya'y tama. Totoo ba iyon? Ikaway mo ang iyong mga kamay tulad *nito*. Ngayon gagaling na ang iyong anak na batang lalaki. Ang iyong pananampalataya!

218 Ano ngayon? Ngayon may isang lalaki na nakataas ang mga kamay niya, hindi niya ako kilala, hindi ko siya kilala. Ngunit ano ito? Nahipo niya ang Dakilang na Saserdote. Ngayon, kita n'yo, hindi siya makapanalig sa kaniyang sariling kaunawaan. Ngayon ano ang kaniyang gagawin, ano ang kaniyang ginagawa ngayon? Kailangan niyang maniwala sa kung ano ang sinabi sa kaniya, ang katotohanan, 'pagkat batid niyang hindi niya ako nakikilala. Iya'y tama.

219 Heto, narito nakaupo ang isang babae umupo sa bandang ibaba sa harapan ko, gayundin, nakayuko ang kaniyang ulo. Maghihirap siya sa isang sakit na cancer. Taga California rin siya. Umaasa akong hindi niya makakaligtaan ito. Binibining Adams, iyan ang iyong pangalan. Hindi ko pa siya nakikita sa tamang buhay ko. Oo, totoo iyon.

220 May isang babae na nakaupo *rito* lang sa gawing likuran. Hindi ko maipatong ang aking, ituturo ko na lang siya, ngunit nakikita ko ang Liwanag na nasa kaniyang ulunan. Siya ay totoong nasa kabagabagan. May suliranin siya sa kaniyang leeg, dahil sa isang bagay iyon. At isa pa, siya—siya'y may isang—isang espirituwal na suliranin, alalahaning gumagambala sa kaniya. At may suliranin siya sa pamilya; lumayas na lang basta ang kaniyang anak na babae. Iyo'y tama. Iyo'y totoo, 'di ba? Itinaas niya ang kaniyang kamay. Gng. Miller, tama iyan. Sumasampalataya ka ba? Ibabalik siya ng Diyos, pagagalangin ang iyong katawan. Ngayon, hindi ko pa siya nakikita sa tamang buhay ko. Isa siyang lubos na estranghero sa akin.

221 May talagang babaing nakaupo rito sa mga tagapakinig. Siya—hindi siya tagarito, mula rin siya sa California. May kanser siya, at nasa kaniyang dibdib ang kanser. Naoperahan na siya, sa kabilang dibdib, at ito'y lumipat sa kabila. Iyo'y tama. Gng. Kalin, tama iyon. Sumasampalataya ka ba na pagagalangin ka ng Diyos? Sinasampalatayanan mo ito. Ako'y isang estranghero sa iyo, babae. Hindi kita kilala. Iyo'y totoo. Kita n'yo? Siya'y cancer.

Upang malaman ninyo na naririto ang Diyos!

222 May isang babaeng nakaupo sa kasunod niya. Ang kaniyang pangalan ay Gng. Harris. Talagang estranghero siya sa akin. Subalit nang tamaan ng Espiritu ang babaing ito, nadamay din siya sa kaniya. At nagmula siya sa California. Iyo'y tama. At may karamdaman siya sa kaniyang balikat. Iyo'y tama. Naniniwala



ka ba na pagagalangin ka ng Diyos? Kung iyo'y totoo, itaas ang iyong kamay upang makita ng mga tao; ganap na estranghero.

223 Huwag manalig sa iyong sariling kaunawaan. Anong magagawa doon? Hindi ninyo maipailiwanag iyon. Iyo'y isang kabalintunaan. Ito'y di-kayang ipaliwanag. Tanungin ang mga taong iyon; hindi ko pa sila nakikita sa buhay ko, wala akong alam tungkol sa kanila. Maaaring mangyari lang ito sa pagpupulong.

224 Subalit, ngayon tingnan, huwag manalig sa inyong sariling kaunawaan. Bagkus manalig sa kung ano ang Kaniyang ipinangako, na Kaniyang gagawin iyon; kung hindi ba naman iyon iisang Espiritu na nanahan sa katawan ng tao, na nakaalam na tumawa si Sarah sa tolda, sa likuran ng Lalaki. Tama ba iyon? At Kaniyang ipinangako, bago pa man tinupok ang mundo ng apoy, kapag ihahayag na ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili muli sa ganoon ding paraan, bilang ang—ang Anak ng tao (panghuhula) na ihahayag ang Kaniyang Sarili sa katawan ng tao tulad ng naririto Siya sa atin ngayong gabi, tulad ng ginawa Niya noon. Ngayon ano na bang oras ang ating pinamumuhayan? Malapit na sa pagkawasak.

225 Kaibigan, huwag manatili rito, hindi na, na isang makasalanan. Tanggapin si Jesus Cristo habang kayo'y nasa Kaniyang Presensiya. Ngayon, alam ko, kadalasan ito'y nakaugalian na ng mga ministro na manawagan at magkuwento, tungkol sa ina na namatay at yumao na. Ayos lang iyon. Subalit hindi tayo lumalapit dahil sa namatay ang ating ina. Patay na ang aking ina, rin naman; ang aking ama, rin. Subalit lumalapit tayo, may katalinuhan, sa pagtanggap ng batayang paghahayag ng Diyos ng Kaniyang Sarili kay Jesus Cristo, upang pawiin ang mga kasalanan ng sanlibutan. Lumalapit tayo at naniniwala sa Pagpapawalang-sala. At samantalang binindika Niya ang Kaniyang Salita. . .

226 Hindi mahalaga sa aking kung saan mang iglesia kayo nanggaling, sa Metodista, Baptist, Catolico, Presbyterian, o kahit walang iglesia. Kung tatanggapin ninyo na naunawaan ninyo ito nang kaiba, at kilalanin na hindi pa kayo talaga naipapanganak na muli, ngunit nais ninyong maging ganoon, at nais na tanggapin ito ngayon, ang pangako ngayon. Maaaring hindi kayo mapuspos ngayon, subalit mapupuspos kayo kapag ang. . . habang nagpapatuloy ang mga pagpupulong. Nais ninyong tanggapin ito sa ganoong mga batayan, maaari ba kayong tumayo sa inyong mga paa at hayaang mag-alay ako ng panalangin para sa inyo diyan mismo sa inyong kinatatayuan. Bawat isang naririto na nakaaalam. . .

227 Huwag manalig sa inyong sarili, “buweno, sasabihin, “Ako’y nagsalita ng iba’t-ibang wika.” Ngayon, wala iyong kinalaman dito. Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba’t-ibang wika, rin.

228 Subalit nakakita ako ng mga mangkukulam, mga diyablo, at lahat na, na nagsasalita ng iba't-ibang wika at ipinaliliwanag ito. Iyo'y tama. Tanungin ang mga misyonaryo rito, na makikita natin, si Kapatid na Creech, at malalaman ninyo na iyo'y tama. Nakita ko silang nagsasalita ng iba't-ibang wika, at umiinom ng dugo mula sa isang bungo ng tao, nananawagan sa diyablo. Siyanga. Nakita ko nang ilalapag nila ang lapis, tatayo ito at susulat ng iba't-ibang wika; at ang mangkukulam, nakatayo doon ang lalaking mangkukulam, ipinaliliwanag ito.

229 Kaya ang pagsasalita ng iba't-ibang wika ay hindi tanda na natanggap ninyo ang Banal na Espiritu. Kung ganoon, at kung magsasalita kayo ng iba't-ibang wika at tinatanggihan ang Salitang ito, may isang bagay na mali saan man. Tama, uh- huh, tama. Huwag manalig sa iyong sariling kaunawaan.

230 Isang tao ngayon, sasabihin mo, "Aba, isinigaw ko ito." Ganoon din ako. Subalit huwag manalig doon.

231 Nakita ko ang lahat ng mga kapangyarihan ng demonyo na sumisigaw at humihiyaw. Nakita ko ang mga Mohammedan na sumisigaw at tumitili hanggang sa, maihatid nila ang kanilang sarili sa isang dako, na magagawa nilang patagusin ang mga salubsob sa kanilang mga kamay. Sa India, nakita ko silang tumitili at lumulukso pataas-at-pababa, dinadampot ang mga bolang tubig, na may mga kawit dito, at itinutulak ito sa kanilang balat at lalakad sa mainit at umaapoy na mga baga, tama, tinatanggihan si Jesus Cristo.

232 Kita n'yo, huwag manalig sa inyong sariling kaunawaan, kundi sa Salita ng Diyos. Kung hindi makatugon ang iyong buhay sa Bibliang ito, na sampalatayanan ang bawat Salita na napalooob dito; at nais mong sampalatayanan ito, at ninais gumawa ang Diyos ng Kaniyang kalooban sa iyo, sapagkat maaari kang maging bahagi ng Diyos, maaari bang tumayo ka at magsabing, "Tatanggapin ko ito ngayon din, kapatid." Salamat. Salamat. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Kahanga-hanga. Pagpalain kayo ng Diyos. Nawa'y ipagkaloob sa inyo ng Diyos, sa lahat nang matatapat na ito. Sasabihin ninyo... Basta-basta manatiling nakatayo, basta... .

233 Iyong sasabihin, "Ako'y kaanib ng isang iglesya, Kapatid na Branham, subalit ako'y talagang isang Pentecostal; subalit kapag talagang dumating ito sa talagang pagsasabing mapaniniwalaan ko na ang lahat ng Salitang iyon ay ang Katotohanan, hindi ko lang magawa ito, ngunit ako—nais kong gawin ito. Tulungan mo ako, ipanalangin mo ako. Nais kong tumayo at magsabing, 'ako—ako...'" Iyong sasabihin, "Buweno, tingnan, nakaupo rito, o nagpatotoo ako sa iglesyang ito, na dati akong ganoon." Subalit alam mo, sa kaibuturan ng

iyong puso, ika'y hindi ganoon. Alam ng Diyos na kayo'y hindi, rin, kita n'yo, kaya bakit hindi na lang tumayo. Huwag manalig sa inyong sariling kaunawaan, bagkus manalig sa Kaniyang Salita.

<sup>234</sup> Maaari ba kayong tumayo, mayroon pa ba? Mayroon pa bang gustong tumayo? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos, kayo. "Diyos, tulungan ako." Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Mabuti iyan. Manatili lang nakatayo.

<sup>235</sup> Sasabihin, "Makagagawa ba ito nga anumang kabutihan sa akin?" Tumayo minsan pa, tingnan kung makagagawa nga ba ito. Hangarin itong totoo, "Nais ko, Kapatid na Branham, nais kong maging mabuti. Nais kong maging mabuti."

<sup>236</sup> Ngayon, hindi ko sinasabing iwanan ang inyong iglesya. Hindi, ginoo. Manatili doon kung saan kayo naroroon, laging isa lamang totoong tao na puspos ng Banal na Espiritu sa iglesyang iyon. Iyong sasabihin, "Buweno, hindi ko alam kung ano ang sasabihin ng aking pastor." Pahahalagahan ka niya kung gagawin mo, kung siya'y isang lingkod ng Diyos. Iyan tama.

<sup>237</sup> "Hayaang lumiwinag ang iyong ilawan sa harapan ng tao upang kanilang makita ang iyong mabubuting gawa at luwalhatiin ang kanilang Ama."

<sup>238</sup> Pagpalain kayo ng Diyos. Buweno, pagpalain kayo kapuwa ng Diyos, at kayo; at ikaw, kapatid, ikaw. Pagpalain kayo ng Diyos, bawat isa. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayong nasa ibaba rito.

<sup>239</sup> Ngayon kayo na tumayo, kung maginhawa na ang inyong pakiramdam pagkatapos tumayo, itaas na lang ang inyong mga kamay upang ipaalam sa iba na guminhawa ang inyong pakiramdam dahil dito pagkatapos ninyong tumayo. Kita n'yo, lahat ng kamay. Kita n'yo? Tootoo, ginagawa ninyo. Kita n'yo, kayo'y matapat. Kayo'y nakatayo, sinasabi, "Ako'y magiging isang saksi."

<sup>240</sup> "Siya na maninindigan para sa Akin dito, maninindigan Ako para sa kaniya roon. Siya na ikinahihiya Ako rito sa harapan ng mga taong ito, ikahihiya Ko siya sa harapan ng Aking Ama at sa mga banal na Anghel." Huwag ninyo Siyang ikahihiya. Huwag manalig sa inyong sariling pangangatuwiran. Manalig sa Salita ng Diyos. "Siya na tatanggap sa Akin sa harapan ng mga tao, tatanggapin Ko siya sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel."

<sup>241</sup> Mayroon pa ba, bago tayo manalangin? Iyuko natin ang ating mga ulo kung gayon. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Tiyak. Pagpalain kayo ng Diyos, at ikaw, kapatid na lalaki. Walang alinlangan. May isa pa ba, habang nakayuko ang ating mga ulo? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw. Ngayon, iyo'y tama, nakatayo ka pa rin. Maghihintay lang tayo sandali, sandali lang.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos. Sasabihin, “May ibig sabihin ba ito, sasabihin, “Pagpalain kayo ng Diyos?”” Iyo’y pagpapahayag ng aking mga pagpapala sa inyo. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>242</sup> Ang ilan sa inyo na nakatayo sa paligid ng dingding, kung saan wala kayong maupuan, maaari bang itaas na lang ninyo ang inyong kamay, sabihin, “Ako, Diyos, ako ito”? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain kayo ng Diyos, at ikaw; at ikaw, kapatid na babae; at ikaw, kapatid kong lalaki; at ikaw, kapatid kong babae.

<sup>243</sup> Oh, kumikilos nang napakatamis ang Espiritu Santo sa mga tagapakinig. Nararamdaman ba ninyo Iyon? Pagpalain ka ng Diyos, isang binatang naririto sa entablado. Pagpalain ka ng Diyos, doon sa gilid. Pagpalain ka ng Diyos, binata. Oo.

<sup>244</sup> O Espiritu Santo, kumilos ng may kasariwaan sa aming mga puso ngayon. Ipakita sa amin ang aming mga pagkakamali, Panginoon. Hindi kami. . .Hindi kami mananalig sa aming sariling kaunawaan, sa aming sariling pangangatuwiran. Bagkus mananalig kami sa Iyo, sapagkat nalalaman namin na kami’y nakatayo sa Iyong Kabanalan, sa pinagtibay na pangako para sa araw na ito. Ipinakilala Mo ang Iyong Sarili nang higit, sa anumang nang higit sa anumang pangangatwiran. Hindi kami makapangatuwiran o makapagliwanag dito. Ngunit Ika’y bumaba dito sa aming kalagitnaan ngayon, at ipinaalam sa amin na naririto Ka, at pinaniniwalaan iyon ng kalalakihan at kababaihan at tinatanggap ito.

<sup>245</sup> Diyos, dalhin ang bawat isa sa amin sa Iyong kandungan, at itago sila sa Bato ng mga Kapanahunan hanggang sa lalagpas ang mga apoy. Malapit na kami sa pagkasunog, Panginoon. Alam namin ito. Bumabalik kami sa Sodoma. “Subalit ang matuwid ay hindi maglalahong kasama ng makasalanan.” Tatawagin Mo ang Iyong mga anak, Panginoon. Iyong sinabi kay Lot, “Lumaban ka ryan. Lumabas. “Dumadalangin ako, Diyos, na bawat isang nasa ganoong kalagayan, sa gabing ito na naroroon sa labas, na walang katiyakan kung saan sila nakatayo. . .

<sup>246</sup> Diyos, hindi sila makikipagsapalaran na lumakad sa isang pang-isahang daan, sa maling daan. Hindi sila makikipagsapalaran na tumakbo sa isang pulang ilaw, kung sila’y nasa kanilang tamang pag-iisip, sapagkat maaari silang mamatay. Kung gayon papaano makikipagsapalaran ang tao sa kanilang Eternal na destinasyon, sa hula—hula lang, pagbakasakali, pakikipagsapalaran ng wala talagang karapatang makipagsapalaran, dahil kaanib sila sa isang iglesya o isang denominasyon? At talagang hindi sila pupuwede, hindi nila mauunawaan kung papaanong ang Salita ng Diyos ay matutupad sa araw na ito tulad naman noon, kung paanong mahahayag ang mga pangakong ito. “Ang

apostolikong kapanahunan na mawawala.” Tulungan sila, Ama. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

247 Salamat, kapatid kong lalaki, at babae. Ako’y lubos na nasisiyahan na tawagin kayong kapatid kong lalaki, at babae.

248 Alalahanin, papanagutin ako ng Diyos sa bawat salita, sa Araw ng Paghuhukom. Lahat ng aking ipinangaral sa gabing ito, mananagot ako dito. Nalalaman ko iyon. Ano ba ang aking ginawa mula sa pagkabata, ipinangaral ang Ebanghelyong ito, at pagkatapos magiging isang itinakuwil?

249 Ngayon ilan ba sa inyo ang maysakit at nagdadalamhati, dito sa gabing ito, at nais ninyong maipanalangin? Itaas ang inyong kamay. Ngayon maaari bang gumawa kayo ng isang bagay para sa akin? Ipatong ang inyong mga kamay sa isa’t-isa. Ipatong ang inyong mga kamay sa bawat isa. Iyuko ng lahat ang inyong mga ulo ngayon, katulad nang nasa simbahan kayo, rito sa entablado.

250 Mahal na Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sa Kaniyang Presensiya, isang pinagtibay na Presensiya! Ang mismong Salita na ipinangaral, ay nagpatunay na Ikaw ay tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. Hayaang dumaloy ang Espiritu Santo ng Diyos sa pulutong na ito ng mga tao ngayon. Marami sa kanila ang lumapit at tinanggap Ka bilang kanilang Tagapagligtas, maraming mga tumalikod ang tumanggap sa Iyo at nagbalik loob. O Diyos, idinadalangin ko sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong pagagalingin ang bawat tao. Iyong sinabi, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila sa sumasampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila ay gagaling.” Ipinangako Mo ito, Panginoon, at ipinatong ng mga sumasampalatayang mga anak ang kanilang mga kamay sa isa’t-isa.

251 Satanas, talunan ka na. Lumabas ka sa mga taong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Hayaan ang mga taong ito na humayo, alang-alang sa Kaharian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

252 Lahat ng sumasampalataya na si Jesus Cristo ngayon ang inyong tagapagpagaling, pati inyong Tagapagligtas, at nais ninyong tanggapin Siya sa iisang batayan, tumayo sa inyong mga paa, sabihin, “Tinatangap ko ngayon si Jesus bilang aking tagapagpagaling, pati aking Tagapagligtas.” Kahanga-hanga! Purihin ang Panginoon! Pasalamatang Panginoon! Ngayon ating itaas ang ating mga kamay at awitan Siya.

Pupurihin ko Siya, pupurihin ko Siya,  
Purihin ang Corderong pinaslang dahil sa  
makasalanan;  
Luwalhatiin Siya, lahat kayong mga tao,  
Sapagkat nilinis ng Kaniyang Dugo ang bawat  
karumihan.

253 Oh, hindi ba kayo nakararamdam ng mabuti? Ikaway ang inyong mga kamay. Oh, naku! Awitin natin itong muli.

Pupurihin ko Siya, pupurihin ko Siya,  
Purihin ang Corderong . . . (Alalahanin, “siya  
ring kahapon, ngayon, at magpakailan man,”  
ang Corderong iyon.)  
Luwalhatiin Siya, lahat kayong mga tao,  
Sapagkat nilinis ng Kaniyang Dugo ang bawat  
karumihan.

254 Nagustuhan ba ninyo iyon? [Sumigaw ang kongregasyon, “Aleluya”—Pat.] Amen. Abutin natin at makipagkamay kaninuman. Ito ang pagtatapos ng pagtitipon, na nag-umpisa sa kombensiyon. Sabihin, “Pagpalain ka ng Diyos, kapatid, na manlalakbay. Pagpalain ka ng Diyos.” Iya’y mabuti. Iya’y magaling. Kahanga-hanga! Ngayon naniniwala ba kayo na magkakaroon tayo ng isang malaking kombensiyon pagkatapos nito? [“Amen.”] Pinasasalamat natin ang Diyos dahil sa isang dakilang pagtitipon, ngayon magkakaroon pa ng isang malaking kombensiyon. Lahat ng naniniwala dito, sabihin, “Amen.” [“Amen.”]


Ang aking pananampalataya ay umaasa sa Iyo,  
Ikaw na Cordero (tumingin tayo sa Kaniya  
ngayon) ng Kalbaryo,  
O Tagapagligtas na Banal;  
Ngayon dinggin habang ako ay dumadalangin,  
Pawiin lahat ng aking kasalanan,  
O pahintulatan ako mula sa araw na ito  
Maging lubos na sa Iyo!

Habang aking nilalakbay ang madilim na  
labirinto ng buhay,  
At mga kalungkutan sa paligid ko’y  
kumakalat,  
Ikaw nawa’y maging aking Gabay;  
Utusan ang kadilimang maging araw,  
Pahiran ang kalungkutang may takot paalis,  
At pahintulutan ako mula sa araw na ito  
Maging lubos na sa Iyo!

255 Amen! Sinabi ng kongregasyon, “Amen.” [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Aleluya!

Oh, purihin Siya,  
Purihin ang Corderong pinaslang dahil sa  
makasalanan;  
Luwalhatiin Siya, lahat kayong mga tao,  
Sapagkat nilinis ng Kaniyang Dugo ang bawat  
karumihan.  
Kahanga-hangang talaga!

<sup>256</sup> Buweno, maaari bang iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa pagbebendisyon. Hindi ko alam kung sinong pinili para gawin ito. Kapatid na Johnny Manadal, mula sa California, habang nakayuko ang ating mga ulo. Ngayon huwag kalilimutan bukas ng gabi, iyon ang una, ang simula. Bukas ng gabi, dito mismo ang kombensiyon, sa bulwagang ito, sa ganap na ika-pito at kalahati.

<sup>257</sup> Pagpalain kayo ng Diyos. Nasiyahan ba kayo sa Presensiya ng Diyos? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Amen. Ngayon iyuko natin ang ating mga ulo habang pauuwiin tayo ni Kapatid na Johnny. 

*HUWAG MANALIG SA IYONG SARILING KAUNAWAAN* TAG65-0120

(Lean Not Unto Thy Own Understanding)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Miyerkules ng gabi, Enero 20, 1965, sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 2000 ng:

TAGALOG

©2000 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)



## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)